3. Learn about Filipino life in the United States.
4. Help students manage their own learning.

The only way that the project staff people can find out if the BAFCEP units are meaningful is to try them out in classrooms. Then we will ask teachers and students about the units. We want to know four things:

1. Did the students learn about Filipino culture?
2. Did the students learn about becoming a teenager?
3. Did students learn about Filipino life in the U.S.?
4. Did students improve their skill in managing their own learning?

The Important People

BAFCEP realizes that the most important people in finding out if these units help students learn are the teachers and the students.

YOU are one of the most important people. Your ideas about the BAFCEP units are very important to your teacher.

PAMBUNGAD

Ang Proyékto ng Edukasyóng Pangkultúra ng mga Pilipíno sa Bay Area (BAFCEP) ay naghahangád na pagbutíhin lálo ang mga kagamitáng pampáaralán. May apat na layúning pangkarunúngan ang proyéktong itó para sa mag-aarál na gágawâ ng mga yúnit:

1. Higít na mátutúhan ang kultúrang Pilipíno.
2. Masaliksík ang pagíging isang tín-edyer.
3. Mátutúhan ang tungkól sa kabuháyan ng mga Pilipíno sa Amerika.
4. Matulúngan ang mga mag-aarál sa sariling pagkatúto.

Upang maláman ng taúhan ng proyékto kung ang mga yúnit ay makabuluhán, ang tánging paraán ay subúkin ang mga itó sa kláse. Pagkatápos, tátanungín namin ang mga gurò at mag-aarál tungkól sa mga yúnit. Íbig naming maláman ang apat na bágay:

1. May natutúnan ba ang mga mag-aarál tungkól sa kultúrang Pilipíno?
2. Natutúnan ba ng mga mag-aarál ang pagíging isáng mabúting tín-edyer?
3. May natutúnan ba ang mga mag-aarál tungkól sa kabuháyan ng mga Pilipíno sa Amerika?
4. Nagkaroón ba ng higít na kasanáyan ang mga mag-aarál sa sariling pagkatúto?

Ang Mga Mahalagang Tao

Upang maláman kung ang mga yúnit sa proyéktong itó ay makatutúlong sa pagkatúto ng mga mag-aarál, ináakala ng BAFCEP na ang pinakamahalagáng táo ay ang mga gurò at mag-aarál.

IKÁW ang isá sa pinakamahalagáng táo. Ang íyong mga palagáy tungkól sa mga yúnit ay mahalagá sa iyong gurò.

Other Objectives

There are some other kinds of objectives for the program.

The project staff wants to find out if the BAFCEP units help students change in the way they feel about Filipino culture, becoming a teenager, Filipino life in the United States, and in managing their own learning.

There are five "feeling objectives" for the BAFCEP units:

1. Do Filipino and non-Filipino students feel better about Filipino culture?
2. Do Filipino students feel more comfortable about becoming teenagers in the United States?
3. Do non-Filipino students feel more positive about the problems of Filipino-American teenagers?
4. Do all students feel more positive about the way that Filipino culture affects life in the United States?
5. Do all students feel good about their progress in managing their own learning?

We hope that you will enjoy working with the BAFCEP units.

Mga Ibang Layunin

May ibá páng mga layúnin ang proyéktong itó.

Náis díng maláman ng taúhan ng proyékto kung ang mga yúnit ay makatutúlong sa pagbabágo ng damdámin ng mga mag-aarál úkol sa kultúrang Pilipíno, sa pagíging isáng tín-edyer, sa kabuháyan ng mga Pilipíno sa Amerika, at sa pamamahálà ng kaniláng saríling pagkatúto.

May limáng "layúning pandamdámin" ang mga yúnit ng BAFCEP:

1. Higít bang nasisíyahan ang mga mag-aarál na Pilipíno at di-Pilipíno sa kultúrang Pilipíno?
2. Higít bang nagíginhawáan ang mga mag-aarál na Pilipíno sa pagíging tín-edyer sa Amerika?
3. Higít bang sumásang-áyon ang mga mag-aarál na di-Pilipíno sa súliranín ng mga tín-edyer na Pilipíno-Amerikano?
4. Higít bang sumásang-áyon ang lahát ng mag-aarál sa paraán ng pag-áapekto sa kabuháyan sa Amerika ng kultúrang Pilipíno?
5. Mabúti ba ang pakiramdám ng lahát na mag-aarál sa pag-úunlád ng kaniláng saríling pagkatúto?

Ináasáhan náming masísiyahán ka sa paggawâ ng mga yúnit.

THE BAFCEP ACTIVITIES

The BAFCEP activities allow you to investigate Filipino culture:

1. As it is in your community in the United States.
2. As it is in the Philippines today.
3. As it has changed over time in both the United States and the Philippines.

"Culture" is a hard word to define. It includes the ideas, ways and manners of behavior, and values that are shared by the people. Filipino culture in the United States can be interesting for you to study and the best way is to do-it-yourself.



Culture

A. It is difficult to settle upon a single definitic
of this complex and extremely important term
but the following definitions may each be usefu
for somewhat different purposes.

1. A. L. Kroeber and C. Kluckhohn present
a synthesis that embodies the elements positively
accepted by most contemporary social scien-
tists: 'Culture consists of patterns, explicit and
implicit, of and for behavior acquired and trans-
mitted by symbols, constituting the distinctive
achievements of human groups, including their
embodiments in artifacts; the essential core of
culture consists of traditional (i.e. historically
derived and selected) ideas and especially their
attached values; culture systems may, on the
one hand, be considered as products of action,
the other as conditioning elements of further
tion' (*Culture: A Critical Review of Concepts
Definitions, Papers of the Peabody Museum
merican Archeology and Ethnology*, vol. 47,
, 1952, p. 181).

A biologist, G. E. Hutchinson, gives a
definition: 'The class of all the behavior
ed by the group is called the culture of
up' ('Marginalia', *American Scientist*,
1950, p. 283). But some purists would
definition unacceptable on the
hat the differentiae of culture are
of only that behaviour which is
of a group. This purist view premises
talking about culture only
s a stylized pres
oal wh

The Task Cards

Each of the BAFCEP units has a set of task cards. The cards give suggestions for studying Filipino culture. You can choose the activities that interest you most. You can work alone or with other students who picked the tasks that you did.

Some tasks can be done in a short time, and some may take several days. You might want to spend longer time on some tasks that really interest you.

An example of a task card follows on the next page.

MGA GAWAIN NG BAFCEP

Ang mga gawáin sa proyéktong itó ay nagpápahintúlot na suríin ang kultúrang Pilipíno:

1. Túlad sa inyóng komunidád sa Amerika.
2. Túlad sa Pilipínas sa pangkasalukúyan.
3. Túlad sa mga pagbabágo sa Amerika at sa Pilipínas sa panahóng nagdaán.



Ang salitáng "kultúra" ay mahírap bigyán ng katuturán. Kasáma na ríto ang mga kaisipán, pamaraán ng pagkílos, at ang kaugalían ng táo. Ang pag-áral ng kultúrang Pilipíno sa Amerika ay magigíng kawíli-wíli at ang pínakamabúting paraán sa pag-áral nitó ay ang saríling pagkatúto.

Mga Gawaing Kard

Báwa't yúnit ng BAFCEP ay may isáng set ng gawáing kard. Ang mga kard ay nagbíbigáy ng mga mungkáhì pára sa pag-áral ng kultúrang Pilipíno. Maaári kang pumílì ng mga gawáing higít mong kawíwilíhan, at maaári ka ring gumawâ ng mág-isá o sumáma sa ibáng mag-aarál na pumíllì ng gawáing túlad ng sa iyó.

May mga gawáing madalíng tapúsin at may mga mangángailángan ng iláng araw. Maaári ríng paggugúlan ng mas maháhabang panahón ang mga gawáing lubós mong nagúgustuhán.

Isáng halimbawà ng gawáing kard ay nasa susunód na páhina.

FAMILY ROLES--WHO DECIDES?

THE TASK:

ARRANGE A DIAGRAM OF THE MEMBERS OF YOUR FAMILY (OR SOME OTHER FAMILY) ON A SHEET OF PAPER (USE YOUR FAMILY-ROLES-CUTOUTS). WRITE THE FOLLOWING FAMILY DECISIONS ON STRIPS OF PAPER. PUT AN ARROW (—>) AT ONE END OF EACH STRIP. PUT THE STRIPS ON THE DIAGRAM TO SHOW, "WHO DECIDES.....?"

*WHAT MOVIE THE KIDS YOUR AGE MAY GO TO
*HOW MUCH TO SPEND ON BIRTHDAY PRESENTS
*WHERE TO GO ON THE FAMILY VACATION TRIP
*WHO THE FAMILY TEENAGERS MAY DATE
*WHERE THE CHILDREN WILL GO TO SCHOOL
*WHO WILL SETTLE ARGUMENTS BETWEEN FAMILY MEMBERS
*WHICH CHILDREN WILL DO VARIOUS HOUSEHOLD CHORES
*WHAT TV PROGRAMS TO WATCH
*OTHER THINGS YOU CAN THINK OF

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ANG GINAGAMPANAN SA PAMILYA--
SINO ANG NAGPAPASIYA?

ANG GAWAIN:

GUMAWÂ NG ISÁNG BALANGKÁS NG MGA MIYÉMBRO NG INYONG PAMÍLYA (O NG IBANG PAMÍLYA) SA ISANG PAPÉL (GAMÍTIN ANG GUPÍT NA LARÁWAN ÚKOL SA GINÁGAMPANÁN SA PAMÍLYA). ISÚLAT SA MAKÍTID NA PAPÉL ANG MGA SUMÚSUNÓD NA KAPASIYAHÁN SA PAMÍLYA. LAGYÁN NG TUSOK (—>) ANG BAWA'T DÚLO NG PAPÉL. ILAGÁY ANG MAKÍTID NA PAPÉL SA BALANGKÁS NA NAGPÁPAKÍTA KUNG "SINO ANG NAGPÁPASIYÁ.....?"

*KUNG ANÓNG PELÍKULA ANG MAAÁRING PANOÓRIN NG MGA BÁTANG NASA IYONG GÚLANG
*KUNG MAGKÁNO ANG DÁPAT GASTAHÍN SA REGÁLO PARA SA KAARAWÁN
*KUNG SAÁN DÁPAT MAGBAKASYÓN ANG PAMÍLYA
*KUNG SÍNO ANG MAAÁRING ISÁMA SA TIPÁNAN NG MGA TÍN-EDYER SA PAMÍLYA
*KUNG SAÁNG PÁARALÁN MAG-AÁRAL ANG MGA BÁTA
*KUNG SÍNO ANG MAG-AÁYOS NG GULÓ O DÎ-PAGKAKÁSUNDÔ SA PAMÍLYA
*KUNG SÍNO SA MGA ANÁK ANG GÁGAWÂ NG IBÁ'T-IBÁNG GAWÁING-BÁHAY
*KUNG ANÓNG PALABÁS SA TV ANG DÁPAT PANUÓRIN
*AT IBA PANG BÁGAY NA MAIÍSIP MO



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education





In addition to activities that involve taking photographs, there are task cards that involve tape recording. If you do these activities, you will have to get a casette tape recorder--your teacher may be able to help you find one to use. There are some blank cassette tapes supplied with the BAFCEP units for you to use if you choose the tape-recording tasks. (Hint: Practice using the tape recorder before you try to interview anyone!)

Several activities involve interviews with adults and other sutdents. You will need to prepare carefully to do these tasks.

1. Write out the questions you intend to ask and read each one carefully to the person you are interviewing.
2. Plan a way to write down people's answers (or tape-record them) so that you will be able to remember what was said.
3. Explain to each of the persons you interview why you are asking questions--that you are doing a class project to learn more about Filipino culture.
4. Tell each person that what they say will not be revealed, that their answers will be combined with those of others, and that their opinions will be <u>confidential</u>.
5. Keep track of the tape left on the cassette and turn off the recorder when the tape stops.

<u>Oral History</u>

There are some activities, however, that do not need confidential interviews. You may want to talk with adults who have lived in the Philippines. They will have knowledge of Filipino culture that can be shared with everyone. The experience of older persons can be considered as historical facts. Such facts are very helpful in learning more about culture. The things that older people remember about their lives are considered oral history.

Líban sa mga gawáing mangángailángan ng pagkúha ng larawan, may ibáng mga gawáing mangángailángan ng tape recording. Kung ang mga gawáing itó ang napíli mo, mangángailángan ka ng isáng casette tape recorder--maaári kang humingî ng túlong sa iyong gurò sa paghanáp nito. May mga blank tape na kasáma sa mga gawáing ito. (Pahiwátig: Magsánay ka múnang gumámit ng tape recorder bágo ka makipágpanayám!)

May iláng gawáing mangángailángan ng pakíkipágpanayám sa mga nakatátandâ o sa ibáng mag-aarál. Kinákailángan ang maíngat na paghandâ sa paggawâ nitó.

1. Isúlat ang mga tanóng at basáhing mabúti ang mga itó sa mga táong iyong kapápanayamín.
2. Umísip ng paraán kung paánong isusúlat ang mga kasagútan (o ilálagay sa tape) úpang matandaán ang mga nasábi.
3. Ipaliwánag sa mga táo kung bákit silá kinákapanayám--na nagsásagawâ ka ng isang proyékto para sa kláse úpang higít na mátutúhan ang kultúrang Pilipíno.
4. Sabíhin sa kanilá na anumáng kaniláng sasabíhin ay hindî malaláman ng ibá, na ang kaniláng mga kasagútan ay ihahalò sa iba pang mga kasagútan, at ang kaniláng mga kuru-kurò ay ipaglilíhim o kompidensyál.
5. Lagyán ng tandâ kung saán tumígil ang tape at patayín ang recorder paghintô ng tape.

Kasaysayang Pasalita

May mga gawáing hindî mangángailángan ng panayám na líhim. Maaári kang makipag-úsap sa iláng nakatátandâ na naniráhan mínsan sa Pilipínas. Mayroón siláng kaaláman tungkól sa kultúrang Pilipíno na maaáring ipabatíd sa ibá. Maitutúring náting mga katotohánang pángkasaysáyan ang mga karanasán ng mga nakatátandâ. Malakíng túlong ang gayóng mga kaalamán sa pag-áral ng kultúra. Ang mga págay na naáalala ng mga nakatátandâ sa kaniláng búhay ay maitutúring náting kasaysáyang pasalitâ.

Family-Roles-Cutouts

Each student is to receive two of the Family-Roles-Cutouts sheets. They are for use with the Family Roles tasks or for activities that you invent yourself.

1. Cut out the figures.

2. Label them with the names of the members of your family.

3. Arrange the figures on a blank sheet of paper; this makes a diagram of the family when you connect up the members with strips of paper; write the relationship or roles of the family members on the strips of paper.



Mga Gupit na Larawan ukol sa mga Ginagampanan sa Pamilya

Ang báwa't mag-aarál ay tátanggáp ng dalawáng pirásong papél na may mga laráwang-gúhit ng mga miyémbro ng pamílya. Ang mga itó ay pára sa mga gawáing kaugnáy ng Ginágampanán sa Pamílya o ng mga gawáing bátay sa iyong kathang-ísip.



1. Gupitín ang mga laráwan.

2. Lagyán ng pangálan ng báwa't miyémbro ng iyong pamílya ang mga laráwan.

3. Ayúsin ang mga laráwan sa isáng pirásong papél áyon sa ginágampanán ng báwa't miyémbro ng pamílya; iugnáy ang mga laráwan sa pamamagítan ng mga makikítid na papél; isúlat sa makítid na papél ang kaugnáyan ng isá't-isá.

STUDYING CULTURE

As you decide which tasks you want to do, you should think about ways to study Filipino culture. There are many ways to study culture and we hope that you will try several.


Filipino Culture in the Philippines
Filipino Culture in the United States
"Typical" American Culture in the U.S.A.
Cultures of Other Ethnic Groups in the United States

Comparing culture, now and in the past. Each arrow suggests different ways to compare the different cultural groups.

The people you talk with may be able to tell about how Filipino culture in the United States today is different from or similar to the culture of:

1. Filipinos in the Philippines, now and in the past.
2. "Typical" Americans in the U.S., now and in the past.
3. Other ethnic groups in the U.S., now and in the past.

Culture has something to do with almost <u>all</u> of the things that people do, think, and say. The things they eat, how they behave, what they desire, and so forth, are all part of culture.

There are many, many questions you can ask about culture. The task cards provide many suggestions for studying culture. The next page provides a large number of questions--some of which are already on the task card activities--that you can choose from if you want to look at culture on your own.

Use your imagination!

ANG PAG-ARAL NG KULTURA

Hábang piniipíli mo ang iyong gawáin, umísip ka ng mga paraán kung paánong mapag-arálang mabúti ang kultúrang Pilipíno. May maráming paraán sa pag-áral ng kultúra.Ináasáhan náming susubúkin mo ang ilán.


Kulturang Pilipino sa Pilipinas
Kulturang Pilipino sa Amerika
Kultura ng Karaniwang Amerikano sa Amerika
Kultura ng Ibang Lahi sa Amerika

Paghahambing ng mga kultura, ngayon at ng nakaraan. Ipinapahiwatig ng bawa't tusok ang iba't-ibang paraan ng paghambing ng iba't-ibang pangkat ng kultura.

Ang mga táong iyong makákaúsap ay makapagsasábi sa iyo kung anó ang mga pagkakáiba o pagkákatúlad ng kultúrang Pilipíno sa Amerika at ng kultúra ng:

1. Pilipínong nasa Pilipínas, ngayón at ng nakaraán.
2. "Pángkaraníwang" Amerikano sa Amerika, ngayón at ng nakaraán.
3. Ibá't-ibáng láhi sa Amerika, ngayón at ng nakaraán.

Ang kultúra ay may kaugnáyan sa hálos lahát ng mga bágay na ginágawâ ng táo, iniísip, at sinasábi. Ang mga bágay na kaniláng kinakáin, kung paáno siláng kumílos, ang kaniláng mga pagnanása, at iba pá, ay bahágì ng kultúra.

Marámi kang maitátanóng tungkól sa kultúra. Nagbíbigáy ng maráming mungkáhì sa pag-áral ng kultúra ang mga gawáing kard. Kung náis mong pag-arálang saríli ang kultúra, may marámi ring halimbáwà ng mga tanóng na maaári mong págpilían sa susunód na páhina. Ang ibá díto ay matatagpuán rin sa mga gawáing kard.

Gamítin ang saríling imáhinasyón!

Age Groups. How are Filipino children supposed to behave toward adults? Are there any differences for teenagers? Young adults? How do adult-teenager-child relationships differ in the Philippines and in the United States?

Community Organization. How do Filipino families help each other? How is the Filipino neighborhood, village, or community organized? How is behavior controlled?

Importance of the Arts. How important to Filipino life are things such as dancing? Art works such as paintings or statues? Playing musical instruments or listening to music? Theatrical plays? Are movies important forms of art or of recreation or both?

Growing Up. How do other people treat Filipino youth when they begin to reach adulthood? Are there differences for girls and boys? Are there special things that mark any stages of growing up? How long should young adults obey their parents?

Going to School. What do Filipinos expect of children going to school? How do they expect the schools to treat students? What should students learn in school? How independent should they be?

Clothing Fashions. What do Filipinos think about the way that people should dress? School children? Teenagers? Adults? Older persons?

Some Other Topics. You may want to make up questions like the ones above about other cultural things such as:

> athletic sports, births and birthdays, cooking, dating or courtship, ethical standards of right and wrong, etiquette or manners, funerals, holidays, superstitions, marriage and divorce, religious beliefs or practices, social classes of people, wedding and baptismal celebrations, and so forth.

Mga Pangkát áyon sa Gúlang. Anó ang karápat-dápat na ásal ng mga bátang Pilipíno sa mga nakatátandâ? May kaibhán ba itó para sa tín-edyer? Sa hindî pa katandaán? Ano ang pagkakáibá ng ugnáyang nakatátandâ-tín-edyer-báta sa Pilipinas at sa Amerika?

Mga Samahán sa Komunidád. Paánong nagtutulungán ang mga pamílyang Pilipíno? Paánong binúbuô ang ibá't-ibáng samaháng Pilipíno--mga magkakápit-báhay, náyon, o komunidád? Paánong pinamámahalaán ang mga kílos o ásal ng táo?

Ang Kahalagahán ng Síning. Gaánong kahalagá sa búhay ng Pilipíno ang mga bágay túlad ng sayáw? Ng mga gawáing makasíning túlad ng pagpintá o paglílok ng estátwa? Ng pagtugtóg ng mga instruménto o pakikiníg ng músika? Ng mga dulâ? Ang pelíkula ba ay mahalagáng urì ng síning o ng libángan o parého?

Ang Paglakí ng mga Báta. Anó ang pakitúngo ng táo sa mga bátang Pilipíno kapág silá'y tumútuntóng sa wastóng gúlang? May kaibhán ba itó sa babáe at laláki? May mga palátandaán ba o mga bágay na nagpápahiwátig ng ibá't-ibáng baytáng ng paglakí? Hanggáng anóng edád dápat sumunód ang isáng táo sa kanyáng mga magúlang?

Pagpások sa Paaralán. Anó angináasáhan ng mga Pilipíno sa mga kabatáang nagsísipag-áral? Ano angináasáhan niláng pakitúngo ng paaralán sa mga mag-aarál? Anó ang mga dápat matutúhan ng mga báta sa paaralán? Gaanong kaláya dápat ang isáng mag-aarál?

Mga Kasuótan. Anó ang palagáy ng mga Pilipíno tungkól sa wastóng panánamít ng mga táo? Ng mga bátang mag-aarál? Ng mga tín-edyer? Ng mga matatandâ? Ng mga higít na nakatátandâ?

Ibá pang mga Paksâ. Maaári ka ríng gumawâ ng mga tanóng túlad ng mga násа itaás tungkól sa ibá pang bágay sa kultúra, halimbáwa:

> pampalakásan, kapanganákan at kaarawán, paglulúto, ligawán at pakíkipagtipanán, pámantáyan ng étika ng tamà o malî, etikéta o wastóng ásal, paglalámay at paglilibíng, mga pistá, mga pamahíin, pag-aasáwa at dibórsyo, mga paníniwála o kaugalián sa relihíyon, mga urì ng táo sa lipúnan, kasálan at binyág, at ibá pa.

The Family Tree Charts

The next two pages contain charts that show how family tree information can be arranged. You can copy one of these charts (or both of them, or invent one of your own!) to make a chart of your family tree.

Put your chart on a poster if you want it to be larger. Then you can add photographs, or drawings, or decorations (leaves, for example).

The letters "b," "d," and "c" are abbreviations for birth date, death date, and country of birth.

We hope you're going to have fun doing your family tree!

Mga Balangkas o Tsart ng Puno ng Pamilya

Ang dalawáng sumúsunód na páhina ay nagtátagláy ng mga tsárt o balangkás na naglálaráwan kung paánong maisasaáyos ang mga impormasyón tungkól sa mga ninúno ng pamílya. Maaári mong tulárin ang isá (o dalawá o lumikhâ ng iyong saríli!) sa mga balangkás pára sa paggawâ ng púnò ng iyong pamílya.

Ilagáy mo ang iyong balangkás sa kartolína o póster kung náis mo itóng magíng mas malakí. Maaári mo ring dagdagán itó ng mga litráto o mga laráwang-gúhit o mga dekorasyón (halimbáwa, dáhon).

Ang mga títik na "k," "p," at "b" ay mga daglát pára sa mga salitáng kaarawán, pétsa ng pagkamatáy, at bansâ ng kapanganákan.

Ináasáhan náming malilibáng ka sa paggawâ ng púnò ng iyong pamílya!

FAMILY CHART USED BY ANTHROPOLOGISTS

b - born (date, if known)
d - died (date, if known)
c - country of birth (if known and if in the U.S.A., note the state)

○ - Female
△ - Male

△ GREAT GRANDFATHER
(Mother's Mother's Father)
Name: George Snyder
b - 1846
d - Aug. 12, 1956
c - Pennsylvania

○ GREAT GRANDMOTHER
(Mother's Mother's Father)
Name: Abigail Hewke
b - 1853
d - 1924
c - England

△ ○ GRANDMOTHER
(Mother's Mother)
Name: Vera Snyder
b - 1880
d -
c - Kansas

△ GREAT UNCLE
(Mother's Uncle)
Name: Vern Snyder
b - 1871
d - Sept. 9, 1959
c - Pennsylvania

△ GREAT UNCLE
(Mother's Uncle)
Name: Verl Snyder
b - 1875
d - Feb. 4, 1956
c - Illinois

△ FATHER
Name: Don Tisone
b - March 5, 1915
d - Dec. 8, 1941
c - Illinois

○ MOTHER
Name: Verna Morgan
b - June 2, 1910
d -
c - Kansas

○ AUNT
(Mother's Sister)
Name: Rachel Morgan
b - May 17, 1908
d -
c - Kansas

△ UNCLE
(Mother's Brother)
Name: George Morgan
b - Jan. 6, 1906
d -
c - Kansas

○ SISTER
Name: Sue Tisone
b - July 24, 1939
d -
c - Illinois

○ EGO

△ BROTHER
Name: Vic Tisone
b - Aug. 9, 1936
d -
c - Illinois

△ BROTHER
Name: Dan Tisone
b - Nov. 11, 1941
d -
c - Hawaii

TSART NG PAMILY NA GINAGAMIT NG MGA ANTROPOLOHISTA

k - kaarawan (petsa, kung alam)
p - pagkamatay (petsa, kung alam)
b - bansa ng kapanganakan (kung alam, at kung sa Amerika, ilagay ang estado)

O - Babae
Δ - Lalaki

Δ LOLO SA TUHOD
(Ama ng Ina ng Ina)
Pangalan: George Snyder
k - 1846
p - Aug. 12, 1956
b - Pennsylvannia

O LOLA SA TUHOD
(Ina ng Ina ng Ina)
Pangalan: Abigail Hewke
k - 1853
p - 1924
b - England

Δ O LOLA
(Ina ng Ina)
Pangalan: Vera Snyder
k - 1880
p -
b - Kansas

Δ LOLO
(Tiyo ng Ina)
Pangalan: Vern Snyder
k - 1871
p - Sept. 9, 1959
b - Pennsylvania

Δ LOLO
(Tiyo ng Ina)
Pangalan: Verl Snyder
k - 1875
p - Feb. 4, 1956
b - Illinois

AMA Δ
Pangalan: Don Tisone
k - March 5, 1915
p - Dec. 8, 1941
b - Illinois

O INA
Pangalan: Verna Morgan
k - June 2, 1910
p -
b - Kansas

O TIYA
(Kapatid ng Ina)
Pangalan: Rachel Morgan
k - May 17, 1908
p -
b - Kansas

Δ TIYO
(Kapatid ng Ina)
Pangalan: George Morgan
k - Jan. 6, 1906
p -
b - Kansas

O KAPATID NA BABAE
Pangalan: Sue Tisone
k - July 24, 1939
p -
b - Illinois

O SARILI
(Ako)

Δ KAPATID NA LALAKI
Pangalan: Vic Tisone
k - Aug. 9, 1936
p -
b - Illinois

Δ KAPATID NA LALAKI
Pangalan: Dan Tisone
k - Nov. 11, 1941
p -
b - Hawaii

FAMILY CHART USED BY GENEALOGISTS



TSART NG PAMILYA NA GINAGAMIT NG MGA TAONG NAGSASALIKSIK NG PALAANGKANAN



FAMILY HISTORY--"ROOTS"

Find out what you can about your ancestors as far back into earlier generations as you can go. Try to learn as much as you can about the places your family members originally came from and what they did in those places. Here are some questions you can choose from:

The "Old Country": The "Old Country" can mean places in the United States, such as the South, as well as other countries.

1. Where did the person being interviewed (or his or her family) come from?
2. Where did the family live in the "old country"?
3. Was the family rich or poor? Describe some aspects of their lives that show this.
4. What kind of dwelling did they live in? What kind of food did they eat daily?
5. Did anyone else besides parents and their children live in the dwelling?
6. Did friends and relatives live nearby--in the same building or neighborhood?
7. Did people choose their mates or were marriages arranged? Where did the children live after they got married?
8. Did old people live alone, with their children, or in old folks' homes?
9. What was their religion?
10. Did they belong to any club or organization?
11. Did they have to serve in the army?



KASAYSAYAN NG PAMILYA--"MGA UGAT"

Alamín hanggáng sa iyong makakáya ang tungkól sa iyong mga ninúno. Alamín mo rin ang mga lugál na kaniláng pinánggalíngan at kung anó ang ginawâ nilá sa mga nasábing poók. Nárito ang iláng mga tanóng na maaári mong pagpilían:

Ang "Lúmang Báyan": Ang "Lúmang Báyan" ay maaáring tumúkoy sa iláng mga poók sa Amerika, tulad ng Tímog, o ng ibáng mga bansâ.

1. Saán nagmulâ ang táong iyong kinapanayám (o ang kanyáng pamílya)?
2. Saáng poók naniráhan ang kanyáng pamílya sa "lúmang báyan"?
3. Mayáman ba o mahírap ang kanyáng pamílya? Ilaráwan ang iláng pánig ng kaniláng pamumúhay.
4. Anó ang pagkakayári ng kaniláng tiráhan? Anóng úring pagkáin ang kaniláng kináin sa áraw-áraw?



5. Líban sa mga magúlang at anák, may iba pa ba siláng kasáma sa kaniláng tiráhan?
6. Malápit lang ba ang tinirhán ng kaniláng mga kamag-ának at kaibígan--sa íisang gusáli o sa magkalapít-báhay?
7. Piníli ba ng mga táo ang kaniláng mapápangasáwa o sila ba'y ipinagkásundô? Saán tumirá ang kaniláng mga anák pagkatápos mag-asáwa?
8. Ang mga matatandâ ba ay naniráhang mag-isá, kasáma ng mga anák nilá, o sa mga báhay-ampúnan para sa mga matatandâ?
9. Anó ang kaniláng relihiyón?
10. Sumáli ba silá sa alinmáng samahán o kapisánan?
11. Kinailángan ba niláng maglingkód sa hukbô?

12. Did they have to pay taxes?
13. What kind of government did they live under?
14. Did they have political rights? Did they hold any political offices?
15. What festivals and holidays did they observe? How were they observed?
16. What family celebrations were held? What were they like? How and where were marriages, baptisms, funerals, and other ceremonies held? Who attended?
17. If there were family conflicts, what were they about? How were they handled?
18. How were the children trained and disciplined? How much and what kind of schooling did they get? What activities happened at school? Did both boys and girls go to school?
19. What big events occurred in the life of the family--or of the town? Who were their heroes?
20. What did people do for entertainment? What kind of amusements and sports were enjoyed?
21. How was his family like or different from the other families in town?
22. How did family members make a living? What jobs did they hold? What training did the work require and how did they get it? Did family members stay at the same job for a long time or did they switch? What were the possibilities for advancement? Did women also work outside the home?

Immigration:

1. Where did they settle?
2. From what city did they leave the "old country"?
3. Did they have to make a trip from home to get to the city or port from where they left? What form of transportation did they use for that part of their journey?

12. Kinailángan ba niláng magbáyad ng buwís?
13. Anóng úri ng pámahalaán ang kaniláng kinamuháyan?
14. Mayroón ba siláng karapatán sa pámahalaán? Naglingkód ba silá bílang mga opisyál ng pámahalaán?
15. Anóng mga kasayáhan at pistá ang kaniláng ipinagdíwang? Paáno namán niláng ipinagdíwang ang mga itó?
16. Anóng mga pagdiríwang na pámpamílya ang kaniláng idináos? Paáno at saán idináos ang mga kasálan, binyágan, paglalámay at paglilibíng, at ibá páng mga seremónya? Sínu-síno ang mga dumaló?
17. Anó ang karaníwang dahilán ng dí-pagkakásundô sa pamílya? Paáno nila itóng nalúlutás?
18. Paáno pinalakí at dinisiplináhan ang mga báta? Gaáno at anóng úring pag-íiskuwéla ang kaniláng natanggáp? Anó ang mga gawáin nilá sa páaralán? Nagsipag-áral din ba ang mga babáe túlad ng mga laláki?
19. Anóng mahahalagáng pangyayári ang nagánap sa kaniláng náyon o sa kaniláng pamílya? Sínu-síno ang kaniláng mga bayáni?
20. Anó ang ginawâ ng mga táo pára malibáng? Anóng úri ng pampalakás at alíwan ang kaniláng kinawilíhan?
21. Paánong nagkákatúlad o nagkákaibá ang kanyáng pamílya sa ibáng pamílya sa poók na iyón?
22. Anó ang kabuháyan ng mga miyémbro ng pamílya? Anó ang mga trabáho nilá? Anóng pagsasánay ang kinailángan sa kaniláng trabáho at paáno niláng nakúha ito? Sila ba ay nagtagál sa isáng trabáho o nagpalít silá? Anó ang mga posibilidád nilá pára sa pag-unlád? Ang mga babáe ba ay nagtrabáho rin?

Imigrasyon:

1. Saán silá nagtúngo úpang manirahan?
2. Mulâ saáng lungsód nilá nilísan ang "lúmang báyan"?
3. Kinailángan ba niláng magpuntá sa lungsód pára sa kaniláng paglálakbáy? Anóng úring sasakyán ang kaniláng ginámit sa pagpuntá sa lungsód?

4. What kind of transportation did they use to get to their destination? Describe the trip. How much did it cost? How long did it take? How did they raise money to pay the fare?
5. Why did they decide to emigrate?
6. Did just a single individual leave, or a family, or a larger group?
7. What did they know about the United States?
8. Where did they arrive? What were the first few days they were there like? How were they treated? What difficulties did they have?
9. How long did they stay there? Where did they go next?

<u>In the United States</u>:

1. What were their living conditions like? What kind of house or building did the family live in? How much was the rent?
2. What was the neighborhood like? Did other families of the same ethnic group live nearby? How close? What were the relationships like among the ethnic groups?
3. Who were the first members of the family to learn English? Why were they the first?
4. What were the neighborhood schools like? What was taught? What games and sports were played?

4. Anóng úring sasakyán ang kaniláng ginámit sa pagpuntá sa kaniláng paróroónan? Ilaráwan ang paglálakbáy. Magkáno ang kinailángan? Gaánong katagál ang kaniláng paglálakbáy? Saán nilá kinúha ang péra pára sa kaniláng paglálakbáy?
5. Bákit ipinasiyá niláng lisánin ang "lúmang báyan"?
6. Nag-íisá lang ba ang umalís, isáng pamílya, o isáng pangkát?
7. Anó ang nalaláman nilá tungkól sa Amerika?
8. Saán siláng únang dumatíng? Anó ang kaniláng naranásan sa mga únang áraw díto? Paáno siláng pinakitungúhan? Anó ang mga kahirápang naranásan nilá?
9. Gaáno siláng katagál díto? Saán silá pumuntá pagkatápos?

Sa Amerika:

1. Anó ang anyô ng kaniláng pamumúhay? Anóng úri ng báhay o gusáli ang tinirhán ng pamílya? Magkáno ang kaniláng úpa?
2. Anó ang anyô ng kaniláng kapaligíran? May ibá bang mga magkasinglái ang naniráhan sa kaniláng poók? Gaáno siláng kalápit? Paáno ang samahán ng mga magkákasinglái?
3. Sínu-síno sa pamílya ang únang natútong mag-Inglés? Bákit?
4. Anó ang anyô ng páaralán sa kaniláng poók? Anó ang mga itinúro? Anóng úri ng larô at pámpalakás mayroón?

5. What did members of the family do with their leisure time? Where did they go? With whom did they spend their time?
6. What role did religion play in the family's life? Did they attend services regularly? What religion was it? Did the people from other ethnic groups attend the same religious institution? How were religious practices different from the way they were in the "old country"?
7. Did anyone become a U.S. citizen? What was the process like? Can anyone describe the scene on the day he or she became a citizen?
8. Did members of the family vote? Did they strongly support a particular party or candidate? Why? Did they have any contact with local politicians? Was anyone in the family a recipient or patron of a local political organization?
9. Did family members join any clubs, fraternal organizations, etc.? What dues did they pay? What benefits did they receive?
10. How long did they stay in their first neighborhood? Did the children stay or move? Why? If they moved, where did they go? What is the first neighborhood like today? Where do the descendants of that family live today? Are they spread throughout the neighborhood, the city, the state, the nation, or the world?
11. What kind of work did they do? How was the first job found? What were the wages? What skills were needed? What was the place of work like?
12. How were they treated by their co-workers? By their supervisors? Were they of the same ethnic group?
13. How long did they stay in the same job? If they left, what was the reason for doing so?
14. Did other generations of the same family pursue similar work patterns or move into different skill levels or occupations?
15. How did work and working conditions differ from the "old country"?

5. Anó ang libángan ng mga miyémbro ng pamílya? Saán-saán silá pumuntá? Sínu-síno namán ang kaniláng kasáma?
6. Anó ang halagá ng relihiyón sa búhay nilá? Nagsimbá ba sila paráti? Anó ang relihiyón nilá? Parého ba sa kanilá ang relihiyón ng mga ibáng láhi? Anú-anó ang kaibhán ng mga seremónya sa poók nilá at sa "lúmang báyan"?
7. Mayroón ba sa kaniláng nagíng mámamayáng Amerikano? Anó ang paraán pára díto? May makapaglálaráwan ba kung anó ang mga pangyayári sa áraw ng kanyáng pagíging mámamayán?
8. Nagbóto ba ang mga miyémbro ng pamílya? Nagkáisá ba silá sa pagtátagúyod ng isáng partído o kandidáto? Bákit? Silá ba ay nakipag-ugnáyan sa mga pulítiko sa kaniláng poók? Mayroón ba sa kaniláng pamílyang tumanggáp ng túlong o tumangkílik sa samaháng pulítiko sa kaniláng poók?
9. Sumáli ba sa alinmáng samahán, kapatíran, o iba pang mga kapisánan ang mga miyémbro ng pamílya? Anó ang kaniláng mga binayáran bílang mga miyémbro? Anú-anóng mga pakinábang ang kaniláng natamó?
10. Gaánong katagál silá tumígil sa únang lugál? Sumáma ba o nagpaíwan ang kaniláng mga anák? Bákit? Kung lumípat silá, saán namán silá pumuntá? Anó na ang áyos ng kaniláng únang tinirhán ngayón? Násaan na ngayón ang kaniláng mga anák o apó? Silá ba ay nagkálat sa kaniláng poók, sa lungsód, sa estádo, sa bansâ, o sa mundó?
11. Anó ang kaniláng trabáho? Paáno nilá natagpuán ang kaniláng únang trabáho? Magkáno namán ang kaniláng sáhod? Anóng mga kasanáyan o karanasán sa trabáho ang kinailángan? Anó ang anyô ng kaniláng pinagtrabahúhan?
12. Paáno ang pakitúngo sa kanilá ng mga kasamahán nilá sa trabáho? Ng mga tagapamahála? Silá ba'y magkasingláhi?
13. Gaáno silá katagál sa úna niláng pinasúkan? Kung silá ay umalís sa trabáho, anó namán ang dahilán?
14. Ang trabáho ng kaniláng mga anák o apó ba ay túlad sa kanilá o naghanáp o nagsánay ba silá sa ibáng úri ng trabáho?
15. Anó ang pagkákaibá ng trabáho at kalagáyan ng trabáho nilá díto at sa "lúmang báyan"?

16. Was there ever any discrimination in hiring or promotions?
17. Did women in the family work outside the home? If so, what was the work they did? What was the attitude of the family toward their working?
18. How old were the children when they started to work? Did they continue to go to school while working? What were their jobs like? What were their wages?
19. As time passed, what customs from the "old country" were the easiest to keep and what customs were the hardest to keep? What customs, or traces of customs, remain in their family today? Why?
20. When did intermarriages between ethnic groups start? What were the families' reactions?
21. If there were family disagreements, what were they about? How were they settled (if at all)?
22. Where do they wish to retire? Why?

You: In addition to the questions above, you might discuss the following questions about your own childhood with your parents:

1. As you were growing up, did you see yourself as a member of a particular ethnic group? If so, which one? Were there other ethnic groups in your neighborhood? Did you play with children from other ethnic groups?
2. As you were growing up, what activities took up most of your time?
3. What did you enjoy doing the most? The least?
4. What were you good at?

16. May diskriminasyón ba sa pagtanggáp o pag-asénso sa trabáho?
17. Nagtrabáho ba sa labás ng tahánan ang mga babáe? Kung gayón, anó namán ang kaniláng nagíng trabáho? Anó ang palagáy ng pamílya sa pagtrabáho nilá?
18. Iláng taóng nag-umpisáng magtrabáho ang mga anák nilá? Pinágpatúloy ba nilá ang kaniláng pag-aáral? Anó namán ang kaniláng trabáho? Magkáno ang kaniláng kiníta?
19. Sa paglípas ng panahón, anóng mga kaugalían sa "lúmang báyan" ang madalíng panatilíin at anó namán ang mahírap? Anóng mga kaúgalían o mga bakás nitó ang namalágí sa kaniláng pamílya? Bákit?
20. Kailáng nagsimulâ ang pag-aásawáhan ng mga magkaibáng láhi? Anó namán ang nagíng palagáy ng mga pamílya?
21. Anú-anó ang dahilán ng dí-pagkakásundô sa pamílya? Paáno namán nilá nalutás ang mga itó (kung nangyári man)?
22. Saán nilá náis maniráhan sa kaniláng katandaán? Bákit?

Ikáw: Bukód sa mga nása itaás, maaári mong itanóng sa iyóng mga magúlang tungkól sa iyóng kamúsmusán ang mga sumúsunód:

1. Nang lumálaki ka, nakíta mo ba ang iyong saríli kabílang sa isáng natatánging láhi? Kung gayón, alíng láhi? Mayroón bang mga ibáng láhi sa iyóng kapaligirán? Nakipaglarô ka ba sa mga bátang di mo kaláhi?
2. Sa iyong paglakí, anóng mga gawáin ang iyong pinagká-abalahán?
3. Alíng gawáin ang lubós mong kinawilíhan? Ang hindî?
4. Saán ka magalíng?

5. Did members of your family seem to have similar abilities or interests?
6. Did members of your family seem to look a lot alike?
7. If there were family disagreements, what were they mostly about?
8. Who were the first members in your family to have their own cars? To finish high school? College?

5. Paré-parého ba ang hílig o kakayahán ng mga miyémbro ng iyong pamílya?
6. Magkakamukhâ ba ang mga miyémbro ng iyong pamílya?
7. Kung may dí-pagkakásundô sa pamílya, anó namán ang mga nagíng dahilán?
8. Síno sa iyong pamílya ang únang nagkaroón ng kótse? Síno namán ang únang nakatápos ng háyskul? Ng koléhiyo?

USING THE SLIDES

The following activities in the Teenagers' units require you to use the set of slides that are part of the BAFCEP materials:

Teenagers in the Philippines
Comparing Schools
The Yankee Influence in the Philippines

The Filipino Teen-ager: U. S. A.
Teaching About Teenagers: Changing Interests
Teaching About Teenagers: Filipino Culture
Teaching About Teenagers: Fun and Games
Teaching About Teenagers: Rules in Schools

There are 71 slides in the set. You can use them to do the activities mentioned above or make up your own activities that will make use of the slides.

Slide Number	Topic
1 - 4	Dancers in the Philippines
5 - 11	School Scenes in the Philippines
12	The Home of Gen. Emilio Aguinaldo
13 - 16	Family Scenes in the Philippines
17 - 22	Scenes in a U.S. School Cafeteria
23 - 32	Students in a U.S. School
33 - 38	School scenes in the U.S.
39 - 41	U.S. Playground Spectators
42 - 44	Playground Scenes in the U.S.
45 - 48	Cheerleaders in a U.S. School
49 - 54	Children's Games in the U.S.
55 - 57	Filipino-American Young People
58 - 64	A Filipino-American Family
65 - 71	The Different Types of Filipinos

ANG PAGGAMIT NG MGA "SLIDE"

Ang mga sumúsunód na gawáin sa mga yúnit tungkól sa Tin-edyer ay mangángailángan ng paggámit ng mga slide na kabílang sa mga kagamitán ng BAFCEP:

Mga Tin-edyer sa Pilipinas
Ang Paghámbing ng mga Páaralán
Ang Impluwénsiya ng mga Amerikano sa Pilipinas

Ang Tin-edyer na Pilipino: U. S. A.
Pagtutúro Tungkól sa Tin-edyer: Pagbabágo ng Hílig
Pagtutúro Tungkól sa Tin-edyer: Kultúrang Pilipino
Pagtutúro Tungkól sa Tin-edyer: Katuwáan at Larô
Pagtutúro Tungkól sa Tin-edyer: Mga Alituntúnin sa Páaralán

Mayroong 71 slide sa set. Maaári mong gamítin ang mga ito sa mga nasábing gawáin o maaári ka ring lumikhâ ng saríling gawáin na gagámit nitóng mga slide.

Bílang ng Slide	Paksâ
1 - 4	Mga Mananáyaw sa Pilipinas
5 - 11	Mga Tagpô sa Páaralán sa Pilipinas
12	Ang Tahánan ni Hen. Emilio Aguinaldo
13 - 16	Mga Tagpô sa Pamilya sa Pilipinas
17 - 22	Mga Tagpô sa Kapiteryá ng Páaralán sa Amerika
23 - 32	Mga Mag-aarál sa Páaralán sa Amerika
33 - 38	Mga Tagpô sa Páaralán sa Amerika
39 - 41	Mga Mánunuód sa Pálaruán sa Amerika
42 - 44	Mga Tagpô sa Pálaruán sa Amerika
45 - 48	Mga "Cheerleader" sa Páaralán sa Amerika
49 - 54	Larô ng mga Bata sa Amerika
55 - 57	Mga Kabatáang Pilipino-Amerikano
58 - 64	Isang Pamílyang Pilipino-Amerikano
65 - 71	Ibá't-ibáng Úri ng Pilipino

Using Slide Projectors

The slides that are provided with the Teenagers' units may be used in several different activities. There are five different ways to show and compare the slides; they are:

1. With the use of one projector
2. With the use of two projectors, side-by-side (as shown below)
3. With the use of two projectors, overlapping (as shown on the other page)
4. With the use of slide previewers
5. With the use of film projectors

If you want to show the slides with two projectors, you will have to get two projectors of the same kind. These two must also have the same lenses.



74

Ang Paggamit ng "Slide Projector"

Ang mga slide na kasáma ng mga yúnit tungkól sa Tin-edyer ay maaáring gamítin sa ibá't-ibáng gawáin. May limáng paraán upang maipakíta at maipaghambíng ang mga slide; ang mga ito ay:

1. Paggámit ng isáng projector
2. Paggámit ng dalawáng projector na magkatabí (kagáya ng nasa kabiláng páhina)
3. Paggámit ng dalawáng projector na magkapátong (kagáya ng nasa ibabâ)
4. Paggámit ng mga slide previewer
5. Paggámit ng mga film projector

Kung náis mong ipakíta ang mga slide sa dalawáng projector, kailángang kumúha ka ng dalawáng magkaparéhong projector. Kailángan ding magkaparého ang lénte ng mga ito.



Overlapping Images

1. Load the two sets of slides which you are going to compare in the slide carousels.



1

2. Place the projectors side by side and fix them up so that they project on the same space of the screen or the wall.

3. Cut a piece of cardboard that is wide enough to cover one lens while the other other one is uncovered.

4. Focus both projectors one at a time, then show the two slides (one from each projector) at the same time.

5. In showing the slides, hold the cardboard to cover the lens of projector B and show the slide on projector A, then cover the lens of projector A to show the slide on projector B.



2

6. Practice once of twice before you show it to the class.

Pagpatong ng mga Larawan



3

1. Ilagay ang dalawang set ng slide na nais mong ipaghambing sa slide carousel.

2. Ipagtabi ang dalawang projector at iayos upang ang mga larawan ay tumama sa parehong lugal sa screen o sa pader.



4

3. Gumupit ng isang pirasong karton na sapat ang lapad upang matakpan ang isang lente habang ang isa naman ay hindi natatakpan.

4. Ipokus ang mga projector na sunud-sunod, pagkatapos, ipakita ang dalawang slide (isa sa bawa't projector) na magkasabay.



5

5. Sa pagpapakita ng mga slide, hawakan ang karton upang takpan ang lente ng projector B at ipakita ang slide sa projector A, pagkatapos, takpan naman ang lente ng projector A upang ipakita ang slide sa projector B.

6. Magsanay ka muna ng isa o dalawang ulit bago mo ipakita ito sa klase.

EVALUATING STUDENT PROGRESS

Each student must keep records of the BAFCEP tasks that he or she has completed. The purpose of the records is to help the teacher and each student evaluate individual performance.

You will receive Student Record sheets to keep track of the activities that you choose. For each task-activity, you will record:

1. Date you begin the task.
2. Date you finish the task.
3. Comments about your learning and "feelings."
4. Information about "Doing More."*

*Note: A few activities have specific suggestions for "Doing More," but most do not. Please tell about anything that you do in addition to the basic task, even if the activity does not have a "Doing More" section.

PAGSUKAT NG PAG-UNLAD NG MAG-AARAL

Dápat italâ ng báwa't mag-aarál ang mga gawáin ng BAFCEP na kanyáng matatápos. Ang layúnin ng mga taláan ay upang masukátan ng gurò at ng báwa't mag-aarál ang pagtupád ng báwa't gawáin.

Tatanggáp ka ng Taláan ng Mag-aarál upang masubaybáy mo ang mga gawáing iyong napíli. Sa báwa't gawáin, dápat mong italâ ang mga sumúsunód:

1. Pétsa na sinimulán mo ang gawáin.
2. Pétsa na natápos mo ang gawáin.
3. Mga napuná mo tungkól sa iyong natutúnan at sa iyong mga "pakiramdám."
4. Impormasyón tungkól sa "Dagdág na Gawáin."*

*Punahín: Ang iláng mga gawáin ay may mungkáhi para sa "Dagdág na Gawain" at ang karamíhan naman ay walâ. Mangyári lamang na sabíhin mo ang kahit anóng iyong gagawíng káragdágan bagamá't ang gawain ay hindi nagtátaglay ng "Dagdág na Gawáin."

THE PHILIPPINE ARCHIPELAGO

When the world was young, the Philippines was not yet a part of the earth. At that time, there lived a great giant in the middle of the Pacific Ocean. He had three lovely daughters. They were Luz, Bisaya, and Minda.

One day, the giant left his three daughters to hunt for food. Before leaving them, he instructed them not to go out of their cave until his return. Minda, however, was a headstrong and stubborn girl. After the father had left, she ventured outside the cave. The waves on the shore and the sea shells fascinated her. Soon, she was far out in the water. But a great wave flung her out into the open sea. Her shouts for help fetched her two sisters who rushed to rescue her. However, since none of them knew how to swim, they were all soon drowned.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

GRANDPARENTS

THE TASK:

INVITE SOME FILIPINO GRANDPARENTS TO VISIT YOUR CLASS AND SPEAK ABOUT THE DUTIES AND PRIVILEGES OF GRANDFATHERS AND GRANDMOTHERS IN THE FILIPINO FAMILY. STUDENTS FROM NON-FILIPINO FAMILIES CAN PROVIDE INFORMATION ABOUT THEIR GRANDPARENTS' DUTIES AND PRIVILEGES.

DISCUSS HOW DIFFERENT ETHNIC GROUPS HAVE DIFFERENT ROLES FOR GRANDPARENTS.

DOING MORE:

INVESTIGATE HOW FILIPINOS WHO WERE RAISED IN THE PHILIPPINES COMPARE WITH FILIPINOS WHO HAVE BEEN RAISED IN THE U.S. WITH REGARDS TO THEIR IDEAS ABOUT THE "PROPER" ROLE OF GRANDFATHERS AND GRANDMOTHERS.

ASK THEM TO DO THE TASK CALLED "FAMILY ROLES--'PROPER' BEHAVIOR."





BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

MGA LOLO AT LOLA

ANG GAWAIN:

ANYAYÁHAN ANG ILÁNG LÓLO O LÓLANG PILIPINO SA INYÓNG KLASE UPANG MAGSALITÂ TUNGKÓL SA MGA TUNGKÚLIN AT KARAPATÁN NILA SA PAMÍLYANG PILIPINO. ANG MGA MAG-AARÁL NA DI-PILIPINO AY MAAÁRING MAGBIGÁY NG IMPORMASYÓN TUNGKÓL NAMAN SA MGA TUNGKÚLIN AT KARAPATÁN NG KANILÁNG MGA LÓLO AT LÓLA.

PAG-USÁPAN ANG PAGKAKÁIBÁ NG TUNGKÚLIN NG LÓLO AT LÓLA SA IBA'T-IBANG LÁHI.

DAGDÁG NA GAWAIN:

ALAMÍN ANG KAIBHÁN NG PALAGÁY NG MGA PILIPINONG LUMAKÍ SA PILIPINAS AT NG MGA PILIPINONG LUMAKÍ SA AMERIKA TUNGKÓL SA PALAGÁY NILA SA "WASTÓNG" TUNGKÚLIN NG MGA LÓLO AT LÓLA.

IPAGAWÂ RIN SA KANILA ANG GAWAING TUNGKÓL SA "ANG GINÁGAMPANÁN SA PAMÍLYA--'WASTÓNG' ASAL."





BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

HOW DO YOU FEEL?

THE TASK:

SHOW THE PICTURES FROM THE ENVELOPE LABELED "HOW DO YOU FEEL?" TO FILIPINO AND NON-FILIPINO STUDENTS. ASK THEM THE QUESTIONS THAT ARE ON THE BACK OF THE CARDS.

COMPARE THE ANSWERS THAT DIFFERENT STUDENTS GIVE. DO FILIPINOS TALK MORE ABOUT FEELINGS OF "SHAME" OR "GUILT" (THE TAGALOG WORD "HIYA" MAY BE MENTIONED) OR OF "PRIDE" OR "SELF-ESTEEM" (THE TAGALOG "AMOR PROPIO") THAN THE NON-FILIPINOS?

DOING MORE:

YOU MIGHT WANT TO INTERVIEW PEOPLE ABOUT OTHER SITUATIONS USING DRAWINGS OR PICTURES YOU PREPARE YOURSELF.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ANO ANG IYONG PAKIRAMDAM?

ANG GAWAIN:

IPAKÍTA SA MGA MAG-AARÁL NA PILIPINO AT DI-PILIPINO ANG MGA LARÁWAN SA SÓBRENG MAY TATÁK "ANO ANG IYONG PAKIRAMDÁM?" ITANÓNG SA KANILA ANG NÁSA LIKÓD NG MGA KARD.

IPAGHAMBÍNG ANG MGA SAGÓT NA IBINIGÁY NG IBA'T-IBANG MAG-AARÁL. HIGÍT BANG NAPÁPAG-USÁPAN NG MGA PILIPINO ANG MGA DAMDÁMING "HIYÂ," "KASALÁNAN," "PAGMÁMALAKÍ," O "PAGPÚRI SA SARÍLI" (O "AMÓR PRÓPIO") KAYSA MGA DI-PILIPINO?

DAGDÁG NA GAWAIN:

MAAÁRI MONG GAMÍTIN ANG MGA LARÁWAN NG IBA'T-IBANG KALAGÁYAN NA IYONG HINANDÂ O GINUPÍT SA PAKÍKIPAGPANAYÁM SA MGA TAO.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

HOW IMPORTANT IS SCHOOL?

THE TASK:

FIND OUT FROM FILIPINO PARENTS IN YOUR COMMUNITY HOW THEY FEEL ABOUT THE IMPORTANCE OF SCHOOL FOR THEIR CHILDREN. YOU MIGHT WANT TO TAPE RECORD THEIR ANSWERS AND SHARE THAT INFORMATION WITH OTHER STUDENTS. DO FILIPINO PARENTS FEEL ANY DIFFERENTLY ABOUT THE IMPORTANCE OF SCHOOL FOR THEIR SONS THAN THEY DO FOR THEIR DAUGHTERS?

DOING MORE:

INTERVIEW THE PARENTS OF NON-FILIPINO STUDENTS. SEE IF THERE IS ANY DIFFERENCE IN THE WAY THEY FEEL ABOUT SCHOOL FOR THEIR SONS AND DAUGHTERS.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

GAANO KAHALAGA ANG PAARALAN?

ANG GAWAIN:

ALAMÍN SA MGA MAGÚLANG NA PILIPINO SA IYONG KOMUNIDÁD KUNG ANÓ ANG KANILÁNG PALAGÁY TUNGKÓL SA KAHALAGÁHAN NG PÁARALÁN PARA SA KANILÁNG MGA ANÁK. MAAÁRI MONG ILAGÁY SA TAPE ANG KANILÁNG SAGÓT AT IBAHÁGI ANG IYONG KAALÁMAN SA IBANG MAG-AARÁL. MAGKAIBÁ BA ANG PALAGÁY NG MGA MAGÚLANG NA PILIPINO TUNGKÓL SA KAHALAGÁHAN NG PÁARALÁN PARA SA KANILÁNG ANÁK NA LALÁKI AT SA ANÁK NILÁNG BABÁE?

DAGDÁG NA GAWAIN:

KAPANAYAMÍN ANG MGA MAGÚLANG NG MAG-AARÁL NA DI-PILIPINO. ALAMÍN KUNG MAY PAGKAKÁIBÁ ANG KANILÁNG PALAGÁY TUNGKÓL SA PÁARALÁN PARA SA KANILÁNG ANÁK NA LALÁKI AT SA ANÁK NA BABÁE?



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

INTERCULTURAL DATING

The Task:

INTERVIEW FILIPINOS AND NON-FILIPINOS ABOUT THEIR FEELINGS TOWARD DATING BETWEEN BOYS AND GIRLS OF DIFFERENT ETHNIC GROUPS OR OF DIFFERENT RACES. COMPARE THE ATTITUDES OF THE FOLLOWING GROUPS:

- FILIPINOS VS. NON-FILIPINOS
- FILIPINOS RAISED IN THE PHILIPPINES VS. FILIPINOS RAISED IN THE UNITED STATES
- WHITES VS. NON-WHITES; WHITES VS. BLACKS; WHITES VS. ASIANS
- OTHER GROUPS THAT YOU CAN THINK OF

DOING MORE:

PREPARE A SUMMARY OF THE ANSWERS THAT YOU GET IN YOUR INTERVIEWS AND SHARE IT WITH OTHER STUDENTS WHO CHOSE THIS ACTIVITY. WORK WITH THE OTHER STUDENTS AND PREPARE A REPORT OR A DISPLAY THAT SHOWS WHAT YOU LEARNED ABOUT ATTITUDES TOWARD INTERCULTURAL DATING.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

PAKIKIPAGTIPANAN SA IBANG LAHI

ANG GAWAIN:

KAPANAYAMÍN ANG ILANG PILIPINO AT DI-PILIPINO TUNGKÓL SA KANILÁNG DAMDÁMIN SA TIPÁNAN NG BATANG LALAKI AT BATANG BABAE NG IBA'T-IBANG BANSÂ O LÁHI. IPAGHAMBÍNG ANG PALAGÁY NG MGA SUMÚSUNÓD NA GRÚPO:

PILIPINO LABAN SA DI-PILIPINO
PILIPINONG LUMAKÍ SA PILIPINAS LABAN SA PILIPINONG LUMAKÍ SA AMERIKA
MGA PUTÎ LABAN SA DÎ-PUTÎ; PUTÎ LABAN SA ITÍM; PUTÎ LABAN SA MGA ASYÁNO
IBA PANG GRÚPONG IYONG MAIÍSIP

DAGDÁG NA GAWAIN:

SUMÚLAT NG ISANG BUÓD NG MGA KASAGÚTANG IYONG NATÍPON SA PAKÍKI-PAGPANAYÁM AT IBAHÁGI SA IYONG MGA KAMAG-ARÁL NA PUMÍLI RIN NG GAWÁING ITO. MAGTULUNGÁN KAYO SA PAGHÁHANDÂ NG ISANG REPORT O PAGTATANGHÁL NA MAGLÁLARÁWAN KUNG ANO ANG INYONG NATUTÚNAN SA PAKÍKIPAGTIPÁNAN SA IBANG LAHI.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

MULTIPLE GENERATIONS

THE TASK:

TAKE A PICTURE THAT SHOWS "MULTIPLE GENERATIONS" (A FAMILY WITH CHILDREN, PARENTS, AND GRANDPARENTS--AND PERHAPS EVEN GREAT-GRANDPARENTS!) IN ONE HOME. CAN YOU TAKE A PICTURE THAT SHOWS HOW HAVING THREE GENERATIONS IS "BETTER THAN" OR "NOT AS GOOD AS" SMALLER FAMILIES?

DISCUSS WITH OTHER STUDENTS THE ADVANTAGES AND DISADVANTAGES OF HAVING THREE GENERATIONS OF FAMILY MEMBERS IN THE HOME.

DOING MORE:

INTERVIEW (OR INVITE TO VISIT YOUR CLASS) SOMEONE WHO HAS LIVED IN A HOUSEHOLD WITH MULTIPLE GENERATIONS. ASK THE PERSON TO TELL ABOUT FAMILY LIFE IN A HOME WITH SEVERAL DIFFERENT FAMILY GROUPS.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ANG TATLONG SALINLAHI

ANG GAWAIN:

KUMÚHA NG LARÁWAN NA NAGPÁPAKÍTA NG "TATLÓNG SALINLÁHI" (ISANG PAMÍLYANG MAY MGA ANÁK, MAGÚLANG, LÓLO AT LÓLA--AT MAAÁRING MAY LÓLO AT LÓLA SA TÚHOD PA!) SA ISANG TAHÁNAN. MAIPAKIKÍTA MO BA SA PAMÁMAGÍTAN NG PAGKÚHA NG LARÁWAN NA ANG TATLÓNG SALINLÁHI AY "MAS MABÚTI" O "DÎ-KASINGBÚTI" NG MALIÍT NA PAMÍLYA?

MAKIPAG-ÚSAP KA SA IBANG MGA MAG-AARÁL TUNGKÓL SA KABUTÍHAN AT KASAMAÁN NG PAGKÁKAROÓN NG TATLÓNG SALINLÁHI SA ISANG PAMAMÁHAY.

DAGDÁG NA GAWAIN:

KAPANAYAMÍN (O ANYAYÁHAN SA IYONG KLASE) ANG ISANG TÁONG NANIRÁHAN MINSAN SA ISANG TAHÁNANG MAY TATLÓNG SALINLÁHI. IHILÍNG SA KANYA NA PAG-USÁPAN ANG MGA NARANÁSAN NIYA SA PAMAMÁHAY NA MAY IBA'T-IBANG GRÚPO NG PAMILYA.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

OVERSEAS RELATIVES

THE TASK:

COLLECT INFORMATION FROM THE STUDENTS IN YOUR CLASS ABOUT THEIR RELATIVES WHO LIVE OUTSIDE THE UNITED STATES.

CAN YOU THINK OF WAYS TO DISPLAY THE INFORMATION THAT YOU COME UP WITH? MAPS, PERHAPS? OR FAMILY DIAGRAMS?

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

MGA KAMAG-ANAK NA NASA IBANG BANSA

ANG GAWAIN:

MAGTÍPON NG IMPORMASYÓN TUNGKÓL SA MGA KAMAG-ÁNAK NG IYONG MGA KAMAG-ARÁL NA HINDI NANÍNIRÁHAN SA AMERIKA.

MAKAIÍSIP KA BA NG PARAÁN UPANG MAIPAKÍTA ANG IMPORMASYÓNG IYONG NATÍPON? MGA MÁPA KAYÂ? O MGA BALANGKÁS NG PAMILYA?



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

RELIGIOUS PRACTICES

THE TASK:

TAKE SOME PICTURES OF TRADITIONAL FILIPINO RELIGIOUS CEREMONIES. INCLUDE THE CLOTHING WORN BY THE PEOPLE, THEIR RITUALS, AND SO FORTH. TAKE PICTURES OF OTHER TRADITIONAL U.S. RELIGIOUS CEREMONIES--CATHOLICS, PROTESTANTS, JEWISH, OR OTHERS. DISPLAY THE PICTURES ON A BULLETIN BOARD OR A POSTER. WRITE ON THE POSTER WHAT ACTIVITY IS SHOWN IN EACH PICTURE.

DISCUSS HOW RELIGIOUS PRACTICES IN THE PHILIPPINES ARE ALIKE AND HOW THEY ARE DIFFERENT THAN PRACTICES IN THE U.S.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

MGA KAUGALIAN SA RELIHIYON

ANG GAWAIN:

KUMÚHA NG MGA LARAWAN NG MGA KATUTÚBONG SEREMÓNYANG MAKARELIHIYÓN. ISÁLI RITO ANG PANANAMÍT NG TAO, ANG KANILANG SEREMÓNYA, AT IBA PA. KUMÚHA RIN NG MGA LARAWAN NG IBA'T-IBANG SEREMÓNYANG MAKA-RELIHIYÓN SA AMERIKA--MGA KATÓLIKO, PROTESTÁNTE, JEWISH, AT IBA PA. ILAGÁY ANG MGA LARAWAN SA BULITIN BORD O SA PÓSTER. ISÚLAT SA POSTER KUNG ANÓNG GAWÁIN ANG INILÁLARÁWAN SA BAWA'T LITRÁTO.

PAG-USÁPAN ANG PAGKÁKATÚLAD AT PAGKÁKAIBÁ NG MGA KAUGALÍANG MAKA-RELIHIYÓN SA PILIPINAS AT SA AMERIKA.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant fro the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

THE DATING GAME

THE TASK:

INVESTIGATE HOW FILIPINOS AND NON-FILIPINOS FEEL ABOUT THE "RULES" FOR DATING. TALK WITH A VARIETY OF PEOPLE--OLD AND YOUNG, RAISED IN THE PHILIPPINES AND RAISED IN THE U.S., MEN AND WOMEN, BOYS AND GIRLS--TO COLLECT INFORMATION. THEN PREPARE A PLAY THAT DRAMATIZES A PROBLEM SITUATION THAT A YOUNG FILIPINO-AMERICAN MIGHT HAVE WHEN HE OR SHE WANTS TO GO OUT ON A DATE. WORK WITH SOME OTHER STUDENTS TO PREPARE THE PLAY AND THEN EITHER PRESENT IT TO YOUR CLASS OR TAPE RECORD IT FOR OTHERS TO LISTEN TO.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ANG TIPANAN

ANG GAWAIN:

MAG-USÍSA KUNG ANO ANG PAKIRAMDÁM NG MGA PILIPINO AT DI-PILIPINO TUNGKÓL SA MGA "TUNTÚNIN" SA PAKÍKIPAGTIPANÁN. MAKIPAG-ÚSAP SA IBA'T-IBANG TAO--MATANDÂ AT BATA, LUMAKÍ SA PILIPINAS AT LUMAKÍ DITO SA AMERIKA, LALÁKI AT BABÁE, BATANG LALÁKI AT BATANG BABÁE --AT TIPÚNIN ANG MGA IMPORMASYÓN. PAGKATÁPOS, SUMÚLAT NG ISANG DULÂ NA IPINAKIKÍTA ANG MGA SÚLIRANÍN NG ISANG PILIPINO-AMERIKANO (MAGÍNG LALÁKI MAN O BABÁE) NA MAAÁRING MANGYÁRI SA PAKÍKIPAG-TIPANÁN. MAKIPAGTULUNGÁN SA IBANG MAG-AARÁL SA PAGHÁHANDÂ NG DULÂ AT MAAÁRI NINYONG ISADULÂ SA LOOB NG KLASE O ILAGÁY SA TAPE PARA MAPAKINGGÁN NG IBA.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

USING THE CLASS CAMERA

THE TASK:

WORK OUT A PLAN FOR SHARING THE BAFCEP CAMERA AMONG ALL STUDENTS WHO WANT TO DO THE TAKE-A-PICTURE ACTIVITIES. WRITE THE RULES ON A POSTER SO THAT EVERYONE WILL BE ABLE TO LEARN THE RULES.

CAN EVERYONE AGREE ON HOW TO SHARE THE FILM?

CAN SOME STUDENTS USE OTHER CAMERAS TO DO THE TAKE-A-PICTURE ACTIVITIES?

CAN YOU AGREE ON WAYS TO GET MORE FILM FOR INDIVIDUAL AND GROUP PROJECTS?



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ANG PAGGAMIT NG KAMERA NG KLASE

ANG GAWAIN:

MAKIPAG-ÁYOS SA IYONG MGA KAMAG-ARÁL SA PAGGÁMIT NG KÁMERA NG BAFCEP PARA SA MGA GAWÁING MANGÁNGAILÁNGAN NG PAGKÚHA NG LARAWAN. ISÚLAT ANG MGA ALITUNTÚNIN SA PÓSTER UPANG MALÁMAN NG LAHAT ANG MGA ITO.

MAGKAKÁISÁ KAYA ANG LAHÁT SA PAGGÁMIT NG PILM?

MAAÁRI BANG GUMÁMIT NG IBÁNG KÁMERA ANG IBÁNG MAG-AARÁL SA PAGGAWÂ NG MGA GAWÁING MANGÁNGAILÁNGAN NG KÁMERA?

MAKAIÍSIP KAYA KAYO NG PARAÁN KUNG PAANONG MAKAKUKÚHA NG MAS MARAMING PILM PARA SA MGA SARÍLING GAWAIN AT MGA GAWAIN NG GRÚPO?



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

WRITE YOUR OWN ACTIVITY

THE TASK:

PICK OUT SOME ASPECT OF FAMILY LIFE THAT INTERESTS YOU. WRITE A TASK CARD THAT TELLS WHAT YOU WILL BE DOING TO FIND OUT MORE ABOUT IT.

SHARE YOUR EXPERIENCE WITH OTHERS.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

SUMULAT NG IYONG SARILING GAWAIN

ANG GAWAIN:

PUMÍLI KA NG IBÁNG ANYÔ NG BÚHAY NG ISANG PAMÍLYA NA IYONG KAWÍWILÍHAN. GUMAWÂ NG ISÁNG GAWÁING KARD NA NAGSASÁBI KUNG ANÓ ANG IYONG GAGAWÍN SA PAG-ÁRAL NG ANYÓNG ITÓ.

IBAHÁGI ANG IYÓNG KARANASÁN SA IBÁ.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT, UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ADULTHOOD IN THE PHILIPPINES

The Task:

WHEN DOES A YOUNG MAN BECOME AN ADULT? A YOUNG WOMAN? WHEN THEY FINISH HIGH SCHOOL? WHEN THEY GET A JOB? WHEN THEY START COLLEGE? FINISH COLLEGE? GET MARRIED?

CONDUCT SOME INTERVIEWS ABOUT BECOMING AN ADULT IN THE PHILIPPINES OR SOME OTHER COUNTRY. ASK THE PERSON TO TELL ABOUT THE CUSTOMS OF THEIR HOME COUNTRY THAT AFFECT "ADULTHOOD." HOW AND WHEN DO YOUNG PEOPLE BECOME ADULTS?

COMPARE YOUR INTERVIEWS WITH THOSE OF OTHER STUDENTS WHO CHOSE THIS ACTIVITY. DISCUSS HOW BECOMING AN ADULT IS ALIKE AND DIFFERENT IN THE TWO COUNTRIES.

DOING MORE:

PREPARE A TAPE RECORDED REPORT ON "ADULTHOOD IN THE PHILIPPINES." INCLUDE SOME OF THE INTERVIEWS WITH YOUR OWN INFORMATION.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

PAGTUNTONG SA WASTONG GULANG SA PILIPINAS

ANG GAWAIN:

KAILÁN SINASÁBI NA ANG ISANG BINATÍLYO AY MAY SAPÁT NA GÚLANG? ANG ISANG DALAGÍTA? KUNG SILA BA'Y NAKATÁPOS NA NG HÁYSKUL? KUNG SILA AY NAKAPAGTRABÁHO NA? KUNG SILA AY TUMUNTÓNG NA SA KOLÉHIYO? O NAKATÁPOS NA NG PAG-AÁRAL SA KOLÉHIYO? KUNG SILA AY NAG-ASÁWA NA?

MAKIPAGPANAYÁM SA ILÁNG TAO TUNGKÓL SA PAGTUNTÓNG SA WASTÓNG GÚLANG SA PILIPINAS O SA IBÁNG BANSÂ. ITANÓNG SA KANILÁ KUNG ANONG MGA KAUGALÍAN SA KANILANG BANSÂ NAKAÁAPÉKTO SA PAGTUNTÓNG SA WASTÓNG GULANG. PAANO AT KAILÁNG DUMÁRATÍNG SA SAPÁT NA GULANG ANG MGA KABATÁAN?

IPAGHAMBÍNG ANG IYONG GINAWÁNG PAGTÁTANÓNG SA GINAWÂ NG IBANG MGA MAG-AARÁL NA PUMÍLI RIN NG GAWÁING ITO. PAG-USÁPAN ANG PAGKÁKATÚLAD AT PAGKÁKAIBÁ NG PAGTUNTÓNG SA SAPÁT NG GULANG SA DALAWÁNG BANSÂ.

DAGDÁG NA GAWAIN:

MAGHANDÂ NG ISANG <u>REPORT</u> SA <u>TAPE</u> TUNGKÓL SA "PAGTUNTÓNG SA WASTÓNG GÚLANG SA PILIPINAS." ISÁMA RIN DITO ANG ILÁNG BÁGAY NA NÁPAG-ALAMÁN MO SA IYONG PAGTÁTANÓNG.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

FRIENDSHIPS IN THE PHILIPPINES

THE TASK:

DO TEENAGERS IN THE PHILIPPINES CHOOSE THEIR FRIENDS IN THE SAME WAY THAT TEENAGERS IN THE UNITED STATES DO?

CONDUCT SOME INTERVIEWS WITH PERSONS WHO HAVE GROWN UP IN THE PHILIPPINES OR SOME OTHER COUNTRY. ASK THEM TO TELL ABOUT THE WAYS THAT TEENAGERS IN THAT COUNTRY MAKE FRIENDS. ASK THEM TO COMPARE TEENAGE FRIENDSHIPS IN THE PHILIPPINES (OR THE OTHER COUNTRY) AND IN THE UNITED STATES. DO PARENTS HAVE AN EFFECT ON THE CHOICE OF FRIENDS?

COMPARE YOUR TAPE RECORDINGS WITH THOSE OF OTHER STUDENTS WHO DO THIS ACTIVITY. DISCUSS THE RESULTS AND PREPARE A BRIEF REPORT ON THE SIMILARITIES AND DIFFERENCES IN BOTH COUNTRIES.

DOING MORE:

PUT TOGETHER A TAPE RECORDED REPORT ABOUT TEENAGE FRIENDSHIPS IN THE PHILIPPINES OR OTHER COUNTRIES. INCLUDE SOME OF THE BETTER ANSWERS FROM THE INTERVIEWS.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ANG PAGKAKAIBIGAN SA PILIPINAS

ANG GAWAIN:

ANG MGA TÍN-EDYER BA SA PILIPINAS AY NAMIMÍLI NG KAIBÍGAN TÚLAD DIN NG MGA TÍN-EDYER DITO SA AMERIKA?

MAKIPÁGPANAYÁM SA ILÁNG TÁONG LUMAKÍ SA PILIPINAS O SA IBÁNG BANSÂ. ITANÓNG SA KANILÁ KUNG ANO ANG MGA PARAÁN NG PAGKA-KAIBÍGAN NG MGA TÍN-EDYER SA KANILÁNG BANSÂ. ITANÓNG RIN SA KANILÁ KUNG ANO ANG PAGKÁKATÚLAD O PAGKÁKAIBÁ NG PAGKAKAIBÍGAN SA PILIPINS (O SA IBANG BANSA) AT SA AMERIKA. ANG MGA MAGÚLANG BA AY MAY IMPLUWÉNSIYA SA PAGPÍLI NG KANILÁNG KAIBÍGAN?

IPAGHAMBÍNG ANG IYONG TAPE RECORDING SA RECORDING NG IBANG MAG-AARÁL NA GUMAWÂ RIN NG GAWÁING ITO. PAG-USÁPAN NINYO ANG INYÓNG NÁPAG-ALAMÁN AT MAGHANDÂ NG MAIKLÍNG REPORT TUNGKÓL SA PAGKÁKATÚLAD AT PAGKÁKAIBÁ SA DÁLAWÁNG BANSÂ.

DAGDÁG NA GAWAIN:

GUMAWÂ NG REPORT SA TAPE TUNGKOL SA PAGKÁKAIBÍGAN NG MGA TÍN-EDYER SA PILIPINAS O SA IBANG BANSÂ. ISÁMA RITO ANG MGA MAHUHÚSAY NA SAGÓT NA GÁLING SA IYONG PANAYÁM.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

WHAT'S FUNNY?

THE TASK:

WHY DO PEOPLE LAUGH IN CERTAIN SOCIAL SITUATIONS? DO YOU THINK THAT FILIPINOS LAUGH AT SOME THINGS WHICH OTHER ETHNIC GROUPS DON'T FIND AMUSING? IS THERE "ETHNIC HUMOR" THAT IS SHARED BY MEMBERS OF AN ETHNIC GROUP?

BRING IN SOME CARTOONS AND JOKES FROM FILIPINO (OR OTHER ETHNIC GROUP) MAGAZINES OR BOOKS. SET UP A DISPLAY OF THE CARTOONS AND JOKES AND DISCUSS THEM. TALK ABOUT THE DIFFERENCES IN "WHAT'S FUNNY?" WITH PEOPLE FROM OTHER ETHNIC GROUPS. TRY TO GET A GOOD IDEA OF WHY YOU THINK SOME THINGS ARE FUNNY AND OTHER PEOPLE DO NOT.

DOING MORE:

INVITE A PERSON WHO GREW UP IN THE PHILIPPINES AND ASK HIM OR HER TO TALK ABOUT FILIPINO HUMOR TO INTERESTED STUDENTS. PREPARE A DISPLAY OR BOOKLET OF JOKES FROM DIFFERENT ETHNIC GROUPS. PREPARE AND ACT OUT SOME SKITS (SHORT PLAYS) THAT DEMONSTRATE ETHNIC HUMOR.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ANONG NAKATATAWA?

ANG GAWAIN:

BAKIT TUMATÁWA ANG TAO SA IBÁ'T-IBÁNG PAGTITÍPON O KASAYÁHAN? ANG MGA PILIPINO BA'Y NATÁTAWÁ SA MGA BÁGAY NA HINDI NAMÁN NAKATÁTAWÁ PARA SA IBÁNG LÁHI? MAYROÓN BANG TINATÁWAG NA "KATATAWANÁNG PANGLÁHI?"

GUMUPÍT NG LARAWAN SA BABASAHÍNG PILIPINO NA NAGLÁLARÁWAN NG MGA BÍRO O KATATAWANÁN NG MGA PILIPINO (O NG IBANG LÁHI). IPAKÍTA ANG MGA ITO AT PAG-USÁPAN. PAGHAMBINGÍN ANG MGA BÍRO AT KATATAWANÁN NG IBÁ'T-IBÁNG LÁHI AT IPALIWÁNAG KUNG BAKIT ANG MGA BAGAY NA NAKATÁTAWÁ SA ISÁ AY HINDI NAMÁN NAKATÁTAWÁ SA IBA.

DAGDAG NA GAWAIN:

ANYAYÁHAN ANG ISANG TÁONG LAKÍ SA PILIPINAS UPANG MAGSALITÂ TUNGKÓL SA KATATAWANÁNG PILIPINO. MAGHANDÂ AT GUMAWÂ NG ISANG PAGTATANGHÁL O BÚKLET NG MGA KATATAWANÁN SA IBÁ'T-IBÁNG PÁNIG NG MUNDÓ. MAGPALABÁS NG DULÂ-DULÁAN NA MAGLALARÁWAN NG KATATAWANÁN NG LAHI.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

THE YANKEE INFLUENCE IN THE PHILIPPINES

THE TASK:

HOW MUCH EFFECT UPON FILIPINO CULTURE CAN YOU TRACE TO INFLUENCES FROM THE U.S.? HOW HAVE AMERICAN CUSTOMS, BUSINESS INTERESTS, MEMBERS OF THE U.S. FORCES, AND SO FORTH AFFECTED LIFE IN THE PHILIPPINES?

THERE ARE MANY WAYS TO INQUIRE INTO THESE QUESTIONS. PICK ONE OF THE FOLLOWING AND SEE HOW MUCH YOU CAN LEARN:

- *INTERVIEW PEOPLE WHO GREW UP IN THE PHILIPPINES
- *READ MAGAZINES AND BOOKS ABOUT LIFE IN THE PHILIPPINES AND LOOK FOR AMERICAN INFLUENCES
- *STUDY THE CLASS SLIDES OF PHILIPPINE LIFE (NUMBERS 1 - 10) AND IDENTIFY U.S. INFLUENCES
- *CONDUCT A PANEL DISCUSSION OF FILIPINO-AMERICANS ABOUT U.S. CULTURAL INFLUENCES

DOING MORE:

PREPARE A SLIDE PRESENTATION ABOUT HOW FILIPINO CULTURE HAS BEEN AFFECTED BY CULTURAL INFLUENCES FROM THE U.S.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ANG IMPLUWENSIYA NG MGA AMERIKANO SA PILIPINAS

ANG GAWAIN:

GAANO SA KULTURANG PILIPINO ANG NAAPÉKTUHÁN O NAIMPLUWÉNSIYA NG AMERIKA? PAANO NAGKAROÓN NG BÍSA ANG MGA KAUGALIÁNG AMERIKANO, MGA NEGÓSYO, ANG MGA TAÚHAN NG HUKBÓ NG AMERIKA SA BUHAY SA PILIPINAS?

MARAMING PARAÁN ANG MAAARING GAMITIN SA PAGTÁTANÓNG. PUMÍLI NG ISA SA MGA SUMUSUNOD AT TIGNÁN KUNG GAANO ANG IYONG MATÚTUTÚHAN:

- *KAPANAYAMÍN ANG MGA TAONG LUMAKÍ SA PILIPINAS
- *MAGBASÁ NG MGA MÁGASIN AT AKLÁT TUNGKOL SA BUHAY SA PILIPINAS AT HANAPIN ANG MGA PAKSÁNG TUNGKÓL SA IMPLUWÉNSIYA NG AMERIKANO
- *PAG-ARÁLAN ANG MGA SLIDE NG KLASE TUNGKÓL SA BUHAY SA PILIPINAS (BILANG 1 - 10) AT HANAPIN O KILALÁNIN ANG IMPLUWÉNSIYANG AMERIKANO
- *MAGHANDÂ NG ISANG PAG-UÚSAP NG MGA PILIPINO-AMERIKANO TUNGKOL SA IMPLUWÉNSIYA NG AMERIKANO SA KULTURA

DAGDÁG NA GAWAIN:

GUMAWÂ NG ISANG PAGTATANGHÁL NG SLIDE TUNGKOL SA IMPLUWÉNSIYA NG KULTURANG AMERIKANO SA KULTURANG PILIPINO.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

GOING TO WORK

THE TASK:

WHEN DO YOUNG PEOPLE BEGIN THEIR WORK CAREERS IN THE PHILIPPINES? DO PERSONS FROM DIFFERENT SOCIAL OR ECONOMIC GROUPS START WORK AT DIFFERENT AGES? THERE ARE SEVERAL DIFFERENT WAYS TO FIND OUT. TRY ONE OR MORE OF THE FOLLOWING INQUIRIES:

- *INTERVIEW PEOPLE WHO HAVE GROWN UP IN THE PHILIPPINES (YOU CAN TAPE RECORD THE INTERVIEW IF YOU WANT)
- *READ MAGAZINES OR BOOKS ABOUT WORK IN THE PHILIPPINES AND LOOK FOR INFORMATION ABOUT "ENTRY INTO THE WORK FORCE"
- *INVITE A PERSON TO COME TALK WITH STUDENTS ABOUT WORK OCCUPATIONS AND PROFESSIONS IN THE PHILIPPINES

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ANG PAGHAHANAPBUHAY

ANG GAWAIN:

KAILÁNG NAGSÍSIMULÁNG MAGHÁNAPBÚHAY ANG MGA KABATÁAN SA PILIPINAS? ANG MGA TÁONG GÁLING SA IBÁ'T-IBÁNG KALAGÁYAN SA LIPÚNAN O PAMUMÚHAY BA'Y NAGSÍSIMULÂ SA IBÁ'T-IBÁNG GULANG? MARAMING PARAÁN UPANG MALAMAN ITO. SUBÚKIN ANG ISÁ O DALAWÁ SA MGA SUMÚSUNÓD NA PAGTÁTANÓNG:

*MAGTANÓNG SA MGA TÁONG LUMAKÍ SA PILIPINAS (MAAÁRI MONG ILAGÁY SA TAPE ANG IYONG PAGTÁTANÓNG KUNG NÁIS MO)

*MAGBASÁ NG MÁGASIN O AKLÁT TUNGKÓL SA MGA TRABÁHO SA PILIPINAS AT MAGHANÁP NG IMPORMASYÓN TUNGKÓL SA "PAGPÁSOK SA TRABÁHO"

*ANYAYÁHAN SA KLASE ANG ISANG TÁONG MAY KAALÁMAN SA MGA TRABAHO SA PILIPINAS UPANG MAGSALITÂ TUNGKÓL SA MGA GAWÁIN AT PROPESYÓN SA PILIPINAS



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

PHILIPPINE LEGENDS

THE TASK:

EVERY CULTURE HAS ITS LEGENDS, MYTHS, OR FAIRY TALES. YOUR STUDENT BOOKLET CONTAINS A FEW SUCH STORIES FROM FILIPINO CULTURE.

READ THE LEGENDS AND DO ONE OR MORE OF THE OF THE FOLLOWING:

- *PREPARE ILLUSTRATIONS FOR THREE TO FIVE OF THE LEGENDS --DRAWINGS, PAINTINGS, ETC.
- *WRITE A SHORT PLAY ABOUT A LEGEND (OR TWO) AND HAVE STUDENTS ACT IT OUT.
- *READ THE LEGENDS TO YOUNG CHILDREN AND DISCUSS WHAT THEY THINK ABOUT THE STORIES.
- *DISCUSS THE LEGENDS WITH OLDER FILIPINO-AMERICANS AND SEE IF THEY KNOW DIFFERENT STORIES.

DOING MORE:

FIND LEGENDS FROM EUROPEAN, NORTH AMERICAN, AFRICAN, SOUTH AMERICAN, OR OTHER ASIAN CULTURES THAT DEAL WITH THE SAME TOPICS AND COMPARE THEM WITH THE FILIPINO TALES.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

MGA ALAMAT NG PILIPINAS

ANG GAWAIN:

LAHÁT NG KULTURA AY MAY KANÍ-KANYÁNG ALAMÁT O KUWÉNTO. ANG IYONG BÚKLET AY NAGLÁLAMÁN NG ILÁNG GANITÓNG KUWÉNTO.

BASÁHIN ANG MGA ALAMÁT AT GAWÍN ANG ISÁ O DALAWÁ SA MGA SUMÚSUNÓD:

- *GUMAWÂ NG MGA LARAWAN PARA SA MULA TATLO HANGGANG LIMANG ALAMÁT--MAAÁRING GÚHIT SA KAMÁY, PINTÁ, AT IBA PA.
- *SUMÚLAT NG MAIKLÍNG DULÂ TUNGKÓL SA ISÁNG ALAMÁT (O DALAWA) AT ISADULÂ ITO.
- *BASÁHIN ANG MGA ALAMÁT SA MGA BATA AT PAG-USÁPAN KUNG ANO ANG KANILÁNG PALAGÁY TUNGKÓL DITO.
- *PAG-USÁPAN ANG MGA ALAMÁT SA MGA MATATANDÁNG PILIPINO-AMERIKANO AT ALAMÍN KUNG MAYROON SILÁNG NALALÁMANG IBÁ.

DAGDÁG NA GAWAIN:

MAGHANÁP NG IBANG ALAMÁT NA GALING SA ERÓPA, HILÁGANG AMERIKA, ÁPRIKA, TÍMOG AMERIKA, O MGA IBÁNG BANSÂ SA ÁSYA NA MAY MAGKATÚLAD NA PAKSÂ AT IHAMBÍNG ANG MGA ITO SA MGA ALAMÁT NA PILIPINO.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

COMPARING SCHOOLS

THE TASK:

STUDY THE CLASS SLIDES THAT SHOW STUDENTS IN SCHOOLS IN THE PHILIPPINES (NUMBERS 5 - 11) AND COMPARE THESE WITH SCENES FROM SCHOOLS IN THE U.S. (NUMBERS 32 - 38).

TRY TO GET PEOPLE WHO HAVE ATTENDED SCHOOL IN THE PHILIPPINES TO TELL ABOUT THEIR EXPERIENCES. DISCUSS HOW SCHOOLS IN THE PHILIPPINES ARE DIFFERENT FROM SCHOOLS IN THE U.S. AND HOW THEY ARE SIMILAR. COLLECT INFORMATION ABOUT:

- *SUBJECTS STUDIED AND WHEN
- *AGES OF ELEMENTARY AND SECONDARY STUDENTS
- *DIFFERENT KINDS OF ACADEMIC PROGRAMS
- *LANGUAGES USED IN SCHOOL
- *PUBLIC AND PRIVATE SCHOOLS
- *GOING TO COLLEGE
- *EXTRACURRICULAR ACTIVITIES
- *OTHER INTERESTING QUESTIONS



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ANG PAGHAHAMBING NG MGA PAARALAN

ANG GAWAIN:

PAG-ARÁLAN ANG MGA SLIDE NG KLASE NA NAGLÁLARÁWAN NG MGA MAG-AARÁL SA PÁARALÁN SA PILIPINAS (BILANG 5 - 11). IHAMBÍNG ITÓ SA MGA PÁARALÁN SA AMERIKA (BILANG 32 - 38).

KUNG MAAÁRI, TANUNGÍN ANG MGA TAONG NAG-ÁRAL SA PILIPINAS UPANG MAGSALITÂ TUNGKÓL SA KANILÁNG MGA KARANASÁN. PAG-USÁPAN ANG PAGKÁKATÚLAD AT PAGKÁKAIBÁ NG MGA PÁARALÁN SA PILIPINAS AT SA AMERIKA. ALAMÍN ANG MGA SUMUSUNOD:

*MGA PAKSÁNG-ARALÍN AT KAILÁN PINAG-ÁARÁLAN
*GULANG NG MGA MAG-AARÁL SA ELEMENTÁRYA'T HÁYSKUL
*IBÁ'T-IBÁNG URI NG PROGRÁMANG PANG-AKADÉMIKO
*MGA WÍKANG GINAGÁMIT SA PÁARALÁN
*MGA PÁARALÁNG PÚBLIKO AT PRIBÁDO
*PAGPÁSOK SA KOLÉHIYO
*ÉKSTRAKURIKULÁR NA GAWAIN
*IBA PANG MGA TANÓNG NA KAWÍLI-WÍLI



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

THE "AWKWARD AGE": PHILIPPINES

THE TASK:

IN THE UNITED STATES, SOME YOUNG TEENAGERS GROW SO FAST THAT THEY HAVE TROUBLE CONTROLLING THEIR MOVEMENTS. SOMETIMES THEY STUMBLE OVER THEIR OWN FEET. THEY KNOCK THINGS OVER AND BUMP INTO PEOPLE. THIS PERIOD IS CALLED THE "AWKWARD AGE."

DO YOUNG PEOPLE IN THE PHILIPPINES ALSO GO THROUGH AN "AWKWARD AGE?" HOW CAN YOU FIND OUT? HERE ARE SOME WAYS:

- *TALK WITH PEOPLE WHO GREW UP IN THE PHILIPPINES (YOU MIGHT WANT TO TAPE RECORD THE INTERVIEW AND SHARE IT WITH OTHERS)
- *READ STORIES OR BOOKS ABOUT GROWING UP IN THE PHILIPPINES; LOOK FOR INFORMATION ABOUT AWKWARDNESS AMONG YOUNG TEENAGERS; DISCUSS WHAT YOU LEARN WITH OTHERS

DOING MORE:

FIND SOME INFORMATION ABOUT HUMAN GROWTH THAT GIVES DATA ABOUT THE PHILIPPINES. PREPARE A BRIEF REPORT OR DISPLAY ON YOUR FINDINGS.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ANG "ALANGANING GULANG": PILIPINAS

ANG GAWAIN:

MAY MGA TIN-EDYER SA AMERIKA NA DAHIL SA BILÍS NG KANILÁNG PAGLAKÍ AY NAGKÁKAROÓN NG SÚLIRANÍN SA PAGPÍGIL NG KANILÁNG KILOS. KUNG MINSAN, NADÁDAPÂ SILÁ DAHIL NA RIN SA SARILI NILÁNG MGA PAÁ. NAKABÚBUNGGÔ SILÁ NG MARAMING BAGAY AT NAKABÚBUNDÓL SILA NG MGA TAO. ITÓ ANG PANAHÓN NA TINATAWAG NA "ALANGÁNING GÚLANG."

ANG MGA KABATÁAN BA SA PILIPINAS AY NAKADARÁNAS DIN NG "ALANGÁNING GÚLANG?" PAANO MO ITO MALALÁMAN? NARITO ANG ILÁNG PARAÁN:

*MAKIPAG-USAP SA MGA TAONG LUMAKÍ SA PILIPINAS (MAAÁRI MONG ILAGÁY SA TAPE ANG IYONG PAKÍKIPAGPANAYÁM AT IBAHÁGI MO SA IBÁ)

*MAGBASÁ NG MGA KUWÉNTO O AKLÁT TUNGKÓL SA PAGLAKÍ NG MGA TIN-EDYER SA PILIPINAS; MAGTANÓNG NG TUNGKÓL SA MGA ALANGÁNING KILOS NG MGA TIN-EDYER; MAKIPAG-ÚSAP SA IBÁ TUNGKÓL SA IYONG NÁPAG-ALAMÁN

DAGDÁG NA GAWAIN:

MAGHANÁP NG MGA IMPORMASYÓN TUNGKÓL SA PAGLAKÍ NG TAO NA NAGBIBIGÁY NG KAALÁMAN TUNGKÓL SA PILIPINAS. MAGHANDÂ NG MAIKLÍNG REPORT O PAGTÁTANGHÁL NG IYONG NÁPAG-ALAMÁN.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT
UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

CHANGING LIFE IN THE PHILIPPINES

THE TASK:

LIFE FOR THE 40 MILLION PEOPLE IN THE PHILIPPINES IS ALWAYS CHANGING. THE CULTURAL VALUES OF FILIPINOS HELP PEOPLE HOLD TOGETHER MANY ASPECTS OF DAILY LIFE. BUT THERE ARE CHANGES IN PHLIPPINE SOCIETY THAT PUT A "STRAIN" ON TRADITIONAL VALUES. SOME PEOPLE ARE VERY CONCERNED ABOUT SOCIAL CHANGE IN THE PHLIPPINES.

FIND OUT MORE ABOUT WHAT IS GOING ON IN THE PHILIPPINES TODAY. DO SOME READING IN CURRENT PHILIPPINE AND FILIPINO-AMERICAN MAGAZINES. PREPARE A REPORT (YOU MAY USE MAPS, PICTURES, OR OTHER MATERIALS) ABOUT CHANGES IN PHILIPPINE SOCIETY AND THE EFFECT OF CHANGE ON FILIPINO CULTURE. YOU MAY WRITE ABOUT ANY OF THE FOLLOWING TOPICS:

*CHANGES IN FAMILY "STRUCTURE"
*POPULATION MOVEMENTS FROM COUNTRY TO CITY
*EMIGRATION OF FILIPINOS TO OTHER COUNTRIES
*EFFECTS OF TELEVISION ON FILIPINO LIFE-STYLES
*AVAILABILITY OF MODERN HOUSEHOLD APPLIANCES
*THE EFFECT OF AUTOMOBILES
*OPPORTUNITY FOR POOR PEOPLE TO OBTAIN EDUCATION AND JOBS
*ANY OTHER TOPIC YOU WISH TO LEARN MORE ABOUT



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

PAGBABAGO NG BUHAY SA PILIPINAS

ANG GAWAIN:

ANG BÚHAY NG APATNAPÚNG MILYÓNG PILIPINO SA PILIPINAS AY LAGING NAGBABÁGO. SA KABILÁ NITO, ANG KAHALAGÁHAN NG KULTURA AT NG KAUGALÍAN ANG SIYÁNG NAGBÚBUKLÓD SA KANILA UPANG MAGKÁISÁ. ANG MGA PAGBABÁGO SA LIPÚNAN AY LUMÍLIKHÂ RIN NG MGA PAGBABÁGO SA KAUGALÍAN AT DAMDÁMIN NG MGA MÁMAMAYÁN. DAHIL DITO, ANG ILÁN AY NAG-ÁALALÁ SA MGA PAGBABÁGO SA LIPÚNAN SA PILIPINAS.

ALAMÍN KUNG ANO ANG NANGYAYÁRI SA PILIPINAS SA KASALUKÚYAN. MAGBASÁ NG ILÁNG MÁGASING PILIPINO AT PILIPINO-AMERIKANO. GUMAWÂ NG ISANG REPORT (MAAÁRI KANG GUMÁMIT NG MGA MÁPA, LARAWAN, AT IBA PA) TUNGKÓL SA MGA PAGBABÁGO SA LIPÚNAN SA PILIPINAS AT ANG BÚNGA NG PAGBABÁGONG ITO SA KULTÚRANG PILIPINO. MAAÁRI KANG SUMÚLAT TUNGKÓL SA MGA PAKSÁNG SUMÚSUNÓD:

*PAGBABÁGO SA "KABUUÁN" NG PAMÍLYA
*PAGLILÍPAT NG MGA TAGA-LALAWÍGAN SA LUNGSÓD
*PANDARAYÚHAN NG MGA PILIPINO SA IBÁ'T-IBÁNG BANSÂ
*BÚNGA NG TELEBISYÓN SA PAMUMÚHAY NG MGA MÁMAMAYÁN
*PAGKÁKAROÓN NG MGA MAKABÁGONG KAGAMITÁNG PANTAHÁNAN
*BÚNGA NG KÓTSE SA KABUHÁYAN
*PAGKAKÁTAÓN NG MGA MAHIHÍRAP UPANG MAKAPAG-ÁRAL AT MAKAPAGHÁNAPBÚHAY
*AT IBA PANG MGA PAKSÁNG NAIS MONG MAPAG-ARÁLAN

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

PHILIPPINES CHARACTER TRAITS

THE TASK:

SOMETIMES, NON-FILIPINOS DO NOT UNDERSTAND THE CUSTOMS OF PEOPLE FROM THE PHILIPPINES. THIS MAY BE BECAUSE THE NON-FILIPINOS DO NOT FULLY UNDERSTAND THE CULTURAL VALUES THAT AFFECT BEHAVIOR IN THE PHILIPPINES. THIS ACTIVITY INVOLVES FINDING OUT ABOUT CERTAIN FILIPINO CUSTOMS AND SHARING THE INFORMATION WITH NON-FILIPINO CLASSMATES. TALK WITH PEOPLE WHO HAVE GROWN UP IN THE PHILIPPINES ABOUT:

*THE "BAHALA NA" ATTITUDE
*THE "NINGAS KUGON" ATTITUDE
*THE "MANYANA" ATTITUDE

THEN PREPARE A BRIEF REPORT OR DISPLAY THAT PROVIDES INFORMATION ABOUT THESE CUSTOMS--ATTITUDES THAT SOME PEOPLE CALL FILIPINO CULTURAL TRAITS.

DOING MORE:

PREPARE SIMILAR REPORTS ON OTHER FILIPINO TRAITS, SUCH AS: "PAKIKISAMA," "PAGKAINGGIT," AND OTHERS YOU CAN THINK OF.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

MGA UGALING PILIPINO

ANG GAWAIN:

KUNG MINSAN, HINDI NAÚUNAWÁAN NG MGA DI-PILIPINO ANG MGA UGÁLI NG MGA PILIPINO, MARÁHIL, HINDI NILA LUBÓS NA NAÚUNAWÁAN ANG KAUGNÁYAN NG KULTÚRA AT NG KAUGALIÁN NG PILIPINO. SA GAWAING ITO, KAILANGAN MONG ALAMÍN ANG ILÁNG KATUTÚBONG UGÁLING PILIPINO AT IPAGBIGÁY-ALÁM ITO SA MGA MAG-AARÁL NA DI-PILIPINO. KAUSÁPIN MO ANG ILÁNG TÁONG LUMAKÍ SA PILIPINAS TUNGKÓL SA:

*"BAHÁLA NA"
*"NINGAS KÚGON"
*"MANYÁNA"

PAGKATÁPOS, GUMAWÂ NG ISÁNG MAIKLÍNG REPORT O PAGTATANGHÁL NA MAKAPAGBÍBIGÁY NG IMPORMASYÓN TUNGKOL SA MGA UGÁLING ITO.

DAGDÁG NA GAWAIN:

GUMAWÂ NG ILÁN PANG MGA REPORT TUNGKÓL SA IBA PANG MGA UGÁLING PILIPINO TULAD NG: "PAKÍKISÁMA," "PAGKAINGGÍT," AT IBA PA.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

FAVORITE ACTIVITIES

THE TASK:

MAKE A LIST OF THINGS THAT YOU AND YOUR FRIENDS LIKE TO DO. TALK WITH SOMEONE WHO KNOWS ABOUT THE LIFE OF TEENAGERS IN THE PHILIPPINES AND ASK HIM TO COMPARE TEENAGE ACTIVITIES IN THE U.S. AND IN THE PHILIPPINES.

ARE THERE MANY DIFFERENCES IN THE ACTIVITIES LIKED BY TEENAGERS IN THE TWO COUNTRIES? DO BOYS LIKE THE SAME THINGS? DO GIRLS DO THE SAME THINGS?

DOING MORE:

MAKE A POSTER THAT COMPARES THE FAVORITE ACTIVITIES OF YOUNG PEOPLE IN THE PHILIPPINES AND IN THE U.S.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT · UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

MGA PABORITONG GAWAIN

ANG GAWAIN:

GUMAWÂ NG ISÁNG LISTÁHAN NG MGA BÁGAY NA GUSTÓ MONG GAWÍN AT GANOÓN DÍN NG IYONG MGA KAIBÍGAN. MAKIPAG-ÚSAP SA ISÁNG TÁONG NAKAÁALÁM NG BÚHAY NG TIN-EDYER SA PILIPINAS AT IPAGHAMBÍNG SA KANYÁ ANG MGA GAWÁIN NG ṬIN-EDYER SA PILIPINAS AT SA AMERIKA.

MARÁMI BANG PAGKAKÁIBÁ ANG MGA KINAHÍHILÍGANG GAWÁIN NG MGA TIN-EDYER SA DALAWÁNG BANSÂ? PARÉ-PARÉHO BA ANG HÍLIG NG MGA LALÁKI? PARÉ-PARÉHO BA ANG GAWÁIN NG MGA BABÁE?

DAGDÁG NA GAWAIN:

GUMAWÂ NG ISANG POSTER NA MAGHÁHAMBÍNG NG MGA PABORÍTONG GAWÁIN NG MGA KABATÁAN SA PILIPINAS AT SA AMERIKA.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

A TRIP TO THE PHILIPPINES

THE TASK:

PLAN AN IMAGINARY TRIP TO THE PHILIPPINES (FOR SOME, IT MIGHT EVEN BE A REAL TRIP!). DECIDE HOW YOU WANT TO GO (AIRPLANE OR SHIP) AND THEN COLLECT THE INFORMATION TO FIND OUT:

> HOW MUCH IT WOULD COST--HOW LONG IT WOULD TAKE--WHAT ROUTE WOULD YOU TAKE TO GET THERE--WHAT LEGAL REQUIREMENTS YOU WOULD HAVE TO TAKE CARE OF (FOR EXAMPLE, PASSPORTS)--AND OTHER THINGS YOU CAN THINK OF.

DOING MORE:

TALK WITH PEOPLE WHO HAVE TRAVELED BACK AND FORTH BETWEEN THE U.S. AND THE PHILIPPINES. WHAT SORT OF PROBLEMS DID THEY HAVE ON THEIR TRIPS? WHAT ADVISE DO THEY HAVE FOR A "FIRST-TIME" TRAVELER? WHAT IS "JET LAG?"



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT
UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

ISANG PAGLALAKBAY SA PILIPINAS

ANG GAWAIN:

MAGBALAK NG ISANG PAGLALAKBÁY SA PILIPINAS NA LIKHÁNG-ÍSIP (SA IBA, MAAARING TOTOHÁNANG PAGLALAKBÁY!). IPASYÁ KUNG PAANO MO GUSTÓNG MAGLAKBÁY (EROPLANO O BAPÓR) AT PAGKATÁPOS ALAMÍN ANG TUNGKÓL SA MGA SUMÚSUNÓD:

> MAGKANO ANG KAKAILANGÁNIN--GAANO KATAGÁL ANG PAGLALAKBÁY --ANO ANG DAÁNG PATUNGO ROON--ANO ANG MGA PAPÉLES NA KAKAILANGÁNIN (HALIMBÁWA, PASAPÓRTE)--AT IBA PANG BAGAY NA IYONG MAIÍSIP.

DAGDÁG NA GAWAIN:

MAKIPAG-USAP SA MGA TAONG UMUWÎ SA PILIPINAS AT NAGBALÍK DITO. ANO ANG MGA NAGÍNG SÚLIRANÍN SA KANILANG PAGLALAKBÁY? ANO ANG MAIBÍBIGÁY NILANG PÁYO SA MGA "UNANG" MAGLALAKBÁY? ANO ANG TINATAWAG NA "JET LAG?"



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

MUSIC, MUSIC, MUSIC

THE TASK:

BRING TO CLASS SOME TRADITIONAL FILIPINO MUSIC--OR RECORDS OR TAPES--AND COMPARE IT WITH TRADITIONAL NORTH AMERICAN FOLK MUSIC. YOU MAY NEED SOME HELP WITH TRANSLATIONS. TRY TO FIND THE WORDS (LYRICS) TO THE SONGS--THAT WILL MAKE IT EASIER TO SEE HOW THE MUSIC TELLS ABOUT THE DIFFERENT CULTURES.

DOING MORE:

GET SOME POPULAR ("POP") MUSIC FROM THE PHILIPPINES AND FROM THE U.S. AND COMPARE THE TWO FORMS. DOES AMERICAN MUSIC INFLUENCE THE MUSIC THAT YOUNG PEOPLE IN THE PHILIPPINES LISTEN TO?

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

TUGTUGIN, TUGTUGIN, TUGTUGIN

ANG GAWAIN:

MAGDALÁ SA KLASE NG MGA KATUTÚBONG TUGTÚGIN--MGA PLÁKA O TAPE--AT IPAGHAMBÍNG ANG MGA ITO SA MGA KATUTÚBONG TUGTÚGIN NG HILÁGANG AMERIKA. MAAÁRING MANGAILÁNGAN KA NG TÚLONG SA PAGSASÁLIN. ALAMÍN ANG MGA SALITÂ (LÍRIKO) NG MGA ÁWIT UPANG HIGÍT NA MAUNAWÁAN NA ANG TUGTÚGIN AY NAGSASÁBI NG TUNGKÓL SA KULTURA NG ISANG LÁHI.

DAGDÁG NA GAWAIN:

KUMÚHA PA NG IBANG MAKABÁGONG ("POP") TUGTÚGIN MULA SA PILIPINAS AT SA AMERIKA. IPAGHAMBÍNG ANG PÓRMA NG DALAWÁNG ITÓ. MAY IMPLUWÉNSIYA BA ANG TUGTÚGING AMERIKANO SA TUGTÚGING PINAKÍKINGGÁN NG MGA KABATÁAN SA PILIPINAS?

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

NATIVE DRESS

THE TASK:

TAKE PICTURES OF PEOPLE IN TRADITIONAL FILIPINO DRESS. COMPARE THE PICTURES WITH PHOTOS OF PEOPLE IN OTHER ETHNIC COSTUMES. HOW ARE THE VARIOUS KINDS OF CLOTHING SIMILAR? HOW ARE THEY DIFFERENT? DISCUSS THE REASONS FOR DIFFERENCES IN CLOTHING IN DIFFERENT PARTS OF THE WORLD.

DOING MORE:

PREPARE A POSTER OR BULLETIN BOARD DISPLAY OF "NATIVE COSTUMES." INVITE PEOPLE WHO HAVE ETHNIC CLOTHING TO WEAR THEM TO YOUR CLASS AND TO SPEAK ABOUT THEIR COSTUMES.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Educatio

KATUTUBONG KASUOTAN

ANG GAWAIN:

KÚNAN NG LARÁWAN ANG ILÁNG TAO SA KATUTÚBONG KASUÓTANG PILIPINO. PAGHAMBINGÍN ANG MGA LARAWAN NG MGA TÁONG ITO SA IBÁ'T-IBÁNG LÁHI SA KANILÁNG KATUTÚBONG DAMÍT. PAANO NAGKÁKATÚLAD ANG IBÁ'T-IBÁNG KASUÓTAN? ANO NAMÁN ANG KAIBHÁN? SABÍHIN ANG MGA DAHILÁN NG PAGKAKÁIBÁ NG KASUÓTAN SA IBÁ'T-IBÁNG PÁNIG NG MUNDÓ.

DAGDÁG NA GAWAIN:

GUMAWÂ NG POSTER O PAGTATANGHÁL SA BULITIN BORD NG MGA LARAWAN NG "KATUTÚBONG KASUÓTAN." MAG-ANYÁYA NG MGA TÁONG MAY KATUTÚBONG KASUÓTAN NA ISUÓT NILA ITO SA KLASE AT MAGSALITÂ TUNGKÓL SA KANILÁNG SUÓT.

BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

FILIPINO DIALECTS

THE TASK:

TAPE RECORD A SHORT MESSAGE IN SEVERAL FILIPINO DIALECTS. ASK PEOPLE WHO SPEAK DIFFERENT FILIPINO DIALECTS TO RECITE A SHORT POEM, A POPULAR SAYING, OR A SENTENCE FROM A STORY IN THEIR "NATIVE TONGUES."

LISTEN TO THE TAPES AND COMPARE THE DIALECTS.

DOING MORE:

PICK OUT THE WORDS THAT ARE PRONOUNCED IN ALMOST THE SAME WAY AND THOSE THAT ARE REALLY DIFFERENT. MAKE A LIST OF THE WORDS AND COMPARE THE SPELLINGS AND SO FORTH. TRY TO FIND OUT HOW THE DIALECTS DIFFER IN COMPARISON TO TAGALOG, THE NATIONAL LANGUAGE OF THE PHILIPPINES.

TAPE AND COMPARE OTHER EXAMPLES OF FILIPINO DIALECTS.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

MGA SALITA SA PILIPINAS

ANG GAWAIN:

ILAGÁY SA TAPE ANG MAIKLÍNG PANGUNGÚSAP SA IBÁ'T-IBÁNG SALITÂ SA PILIPINAS. IPABIGKÁS SA MGA TÁONG NAKAPAGSÁSALITÂ NG IBÁ'T-IBÁNG WÍKA ANG ISÁNG MAIKLÍNG TULÂ, SÁLAWIKAÍN, O ISÁNG PANGUNGÚSAP MULA SA KUWÉNTO SA KANILÁNG KATUTÚBONG SALITÂ.

PAKINGGÁN ANG TAPE AT IPAGHAMBÍNG ANG MGA SALITÂ.

DAGDÁG NA GAWAIN:

PILÍIN ANG MGA SALITÁNG HALOS NAGKAKATÚLAD ANG BIGKÁS AT ANG MGA SALITÁNG NAGKÁKAIBÁ. ILISTÁ ANG MGA SALITÂ AT IPAGHAMBÍNG ANG MGA BAYBÁY. ALAMÍN DIN KUNG PAANO ITONG NAIIBÁ SA TAGALOG O SA PILIPINO, ANG WIKANG PAMBANSÂ NG PILIPINAS.

ILAGÁY SA TAPE AT IPAGHAMBÍNG ANG IBÁ'T-IBÁNG SALITÁNG PILIPINO.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

TEACHING ABOUT TEENAGERS:
CHANGING INTERESTS

THE TASK:

AS YOUNG PEOPLE ENTER ADOLESCENCE, THEY OFTEN HAVE A CHANGE IN THEIR INTERESTS. FOR EXAMPLE, BOYS WHO AT A GIVE AGE SAY THEY HATE GIRLS BEGIN, A FEW YEARS LATER, TO BE VERY INTERESTED IN GIRLS.

THIS ACTIVITY INVOLVES: 1) TAKING A SURVEY OF STUDENTS YOUR AGE; 2) SUMMARIZING THE RESULTS; 3) PREPARING A SHORT LESSON ABOUT CHANGING INTERESTS (USING SOME OF THE CLASS SLIDES); AND 4) TEACHING THE LESSON TO OTHERS.

ASK STUDENTS THE FOLLOWING: ARE YOU MORE (OR LESS) INTERESTED NOW THAN YOU WERE A YEAR AGO IN: 1) BOYS (OR GIRLS); 2) DIFFERENT FRIENDS; 3) SPORTS (WHICH ONES?); 4) SCHOOL SUBJECTS; 5) TELEVISION; 6) MOVIES; 7) FAMILY ACTIVITIES, AND ANY OTHER THINGS YOU WOULD LIKE TO KNOW.

THEN SUMMARIZE THE RESULTS OF YOUR INTERVIEWS AND REPORT TO THE CLASS. IF YOU WANT TO USE SOME OF THE CLASS SLIDES, IT MAY MAKE YOUR LESSON MORE INTERESTING.



BAY AREA FILIPINO CULTURE EDUCATION PROJECT UNIVERSITY OF SAN FRANCISCO © 1977
Supported by a grant from the Ethnic Heritage Studies Branch, U.S. Office of Education

PAGTUTURO TUNGKOL SA MGA TIN-EDYER:
PAGBABAGO NG HILIG

ANG GAWAIN:

HABANG LUMÁLAKÍ ANG ISANG BATA, NAGBABÁGO KADALÁSAN ANG KANYÁNG MGA HÍLIG. HALIMBÁWA, ANG BATA SA ISANG TAKDÁNG GULANG AY GALÍT SA MGA BABAE, NGÚNI'T SA PAGKARAÁN NG ILÁNG TAÓN, ANG KANILÁNG GÁLIT AY NAGÍGING PAGKAGUSTÓ.

SA GAWÁING ITO, KINÁKAILÁNGAN ANG: 1) PAGKÚHA NG MGA IMPORMASYÓN TUNGKÓL SA MGA MAG-AARAL NA IYONG KA-EDÁD; 2) PAGBUBUÓD NG MGA NÁPAG-ALAMÁN; 3) PAGHANDÂ NG ISANG MAIKLÍNG ARALÍN TUNGKÓL SA PAGBABÁGO NG HÍLIG (NA GAGÁMIT NG MGA SLIDE NG KLASE); AT 4) PAGTÚRO NITÓNG ARALÍN SA IBA.

TANUNGÍN ANG MAG-AARÁL ANG MGA SUMÚSUNÓD: IKÁW BA'Y HIGÍT NA MAHÍLIG (O DI-GAÁNONG MAHÍLIG) NGAYÓN KAYSA NOÓNG NAKARAÁNG TAÓN SA: 1) MGA LALÁKI (O BABÁE); 2) IBÁ'T-IBÁNG KAIBÍGAN; 3) PALAKÁSAN (ALÍN?); 4) ARALÍNG-PÁMPAARALÁN; 5) TELEBISYÓN; 6) SÍNE; 7) GAWÁING PÁMPAMÍLYA, AT IBA PANG MGA BÁGAY NA NAIS MONG MALÁMAN.

